

'S E X' SA PANANAW NG ISLAM

نظرة الإسلام للجنس باللغة الفلبينية

ni:


Dr. Abd Ar-Rahman bin Abd Al-Kareem Ash-Sheha

د. عبد الرحمن بن عبد الكريم الشهاب

Isinalin sa Wikang Pilipino Nina:

Mohammad B. Mendoza

Jamal Joves



ISLAM LAND

GROW GOODNESS BY YOUR HAND

EXPLORE ISLAM IN ALL LANGUAGES



WWW.ISLAMLAND.COM

ANG MGA NILALAMAN

Pamagat

Ang mga Katagang Ginamit sa Aklat na Ito
Pagpapakilala (ng may-akda)
Ang Pananaw ng Islam sa ‘Sex’
Ang Mga Hakbangin sa Pangangalaga sa Pagnanasang Sekswal
Ang Pag-aasawa sa Islam
Ang Pagpili ng Asawa
Ang Pagtingin sa Babae sa Pinahintulutang Paraan
Ang Kasunduan sa Pag-aasawa, Mahr at Kasal
Ang Mga Kaugalian sa Gabi ng Kasal
Ang Paglalambingan sa Pagitan ng Mag-asawa
Ang Mga Uri ng Romansa
Ang Mga Karapatan ng Babae sa Kanyang Asawa
Ang Mga Karapatan ng Lalaki sa Kanyang Asawa
Ang Diborsyo sa Islam
Ang Khul’ sa Islam
Ang Dulot ng Malayang Ugnayang Sekswal

Huling Pananalita

Ang Mga Katagang Ginamit sa Aklat na Ito

(Sinipi mula sa Aklat ni Sheikh Mahmoud Murad na pinamagatang:

'Common Mistakes in Translation')

1. **Rabb:** Ang katagang *Rabb* ay kadalasang isinasalin ng iba bilang katumbas ng salitang Panginoon (Lord). Subali't, bukod sa katotohanang ang salitang ito ay isang katagang ginamit sa Bibliya, ito ay ginagamit din kapag tinutukoy si Propeta Hesus bilang kanilang Panginoon. Ang salitang Panginoon (Lord) ay isang kataga na ang karaniwang kahulugan ay nakahangga lamang sa isang "guro, pinuno, may-ari o tagapamahala", na sadyang kapos at kulang sa diwa o kahulugan kung ihahambing sa katagang *Rabb*. Sapagka't ang *Rabb* (na mula sa wikang Arabik) ay mayroong malawak na kahulugan at kahalagahan. Ang ilang mahahalagang kahulugan ng *Rabb* ay ang Tagapaglikha, ang Tagapaghubog (Tagapag-anyo), ang Tagapanustos, ang Tanging Isa na inaasahan ng lahat ng mga nilikha upang patuloy na mabuhay, at Siya ang Tanging nagbibigay-buhay at nagdudulot ng kamatayan. Sa aklat na ito, gagamitin natin ang katagang *Rabb* na may panaklong na (Panginoon) upang madaling maunawaan ng mga mambabasa.
2. **Deen:** Ang salitang *Deen* ay isinalin bilang *Relihiyon*, na sa wikang Arabik ay karaniwang tumutukoy sa Pamamaraan ng Buhay, ito man ay pansarili o pangkalahatan. Ito ay isang malawak na kataga na may kahulugang: 'mga gawaing pagsamba, mga nakasanayang pampulitika at ganap na pamamaraang nauukol sa kagandahang-asal,

kabilang na rito ang tamang kalinisan at wastong pag-uugali'.

3. (ﷺ) **Sal'lal'laaho a'laihi wa sal'lam.** Kadalasang ito'y isinasalin sa lupon ng mga katagang; 'sumakanya nawa ang kapayapaan'. Subali't ito ay hindi sapat na kahulugan ayon sa naunang pagkakasalin. Ang tamang kahulugan kung isasalin sa ibang wika ay nangangahulugan na: 'Nawa'y purihin at itampok ng Allah(ﷻ) ang kanyang pangalan (Propeta Muhammad,ﷺ) at pangalagaan at ilayo siya at maging ang kanyang pamilya laban sa anumang masamang bagay'.
4. (ﷻ) **Ra'dee-Allahu anhu,** ang kahulugan ay, 'kalugdan nawa siya ng Allah(ﷻ)'. **Pagpapakilala**

Ang lahat ng papuri ay sa Allah(ﷻ) lamang, ang Rabb (Panginoon) ng lahat ng mga Daigdig, at nawa'y pagpalain ang pagbanggit sa Kanyang Propeta (Muhammad,ﷺ) at ilayo siya maging ang kanyang Pamilya at mga Kasamahan sa lahat ng uri ng kasamaan.

Ang Islam ay kumikilala sa katotohanang ang pagnanasang sekswal ay nararapat bigyan ng kaukulang kaganapan. Ang pagsasakatuparan nito ay isang bagay na maituturing na marangal habang ito'y isinasagawa ayon sa mga itinakdang hangganan ng Shari'ah (Batas ng Islam). Hindi nakahihiyang bigyang kaganapan ang pagnanasang ito at hindi rin nararapat na ipagwalang-halaga. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi;

"Kaakit-akit sa mata ng sangkatauhan ay ang pagmamahal sa mga bagay na kanilang kinahuhumalingan; mga kababaihan, mga anak, pag-iimbak ng mga ginto at pilak (kayamanan), mga makikisig at magagandang kabayo, mga bakahan at mga

sakahang lupa. Ito ang mga pag-aari sa kasalukuyang pamumuhay; nguni't sa Allah, ang pinakamahusay na pagbabalik ay nasa Kanya (ang Jannah)" (Qur'an 3:14)

Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi;

“Ang mga kababaihan, at pabango ay ginawang kalugud-lugod sa akin, at aking natagpuan ang kapanatagan (ng puso) sa pagsasagawa ng Salah (pagdarasal).” (Nasa’ee)

Ipinagbabawal sa Islam ang tuwirang pagbabawal o pagpipigil sa pagnanasang ito, sapagka't ang Islam ay *Deen* (relihiyon) na itinataguyod ang likas na damdamin ng tao. Ipinatutupad nito ang kanyang likas na pangangailangan sa maayos na pamamaraan, batay sa *Shari'ah* (Batas ng Islam). Si Abu Hurairah (رضي الله عنه) ay nagsabi;

“Ang Sugo ng Allah(ﷻ) ay tinanong tungkol sa pinakamabuting gawain na maaaring makapagbigay daan sa tao upang makapasok sa Jannah (Paraiso). Siya ay nagsabi: 'Ang pagkakaroon ng (tunay na) Takot sa Allah at Kagandahang Asal.' Siya ay muling tinanong kung ano ang pinakamasamang gawain na maaaring makapagbigay daan sa tao upang masadlak sa Apoy (ng Impiyrno)?' Siya ay nagsabi: 'Ang dila (ng tao) at ang mga maselang bahagi ng katawan.” (Tirmidhi)

Sa aklat na ito'y ating tatalakayin ang Islamikong pamamaraan sa pagsasakatuparan ng pagnanasanag sekswal, at kung paano ito maisasaalang-alang mula sa isang payak na pagnanasa tungo sa isang Ibadah (gawaing pagsamba) at sa pamamagitan nito ang isang Muslim ay nakatatanggap ng gantimpala.

Kaugnay nito si Abu Dharr (رضي الله عنه) ay nagpahayag na ang ilan sa mga Sahaba (kasamahan) ay nagsabi sa Sugo ng Allah(ﷻ):

"O Sugo ng Allah(ﷻ), ang mga nakaririwasa ay nakatatanggap ng mga gantimpala: sila ay nagdarasal tulad ng aming pagdarasal; sila ay nag-aayuno tulad ng aming pag-aayuno, at sila ay nagbibigay sa kawanggawa mula sa kanilang kayamanan!"

Ang Sugo ng Allah(ﷻ) ay nagsabi;

"Hindi ba ang Allah ay nagbigay sa inyo ng biyaya at mula rito kayo ay maaaring makapagbigay ng kawanggawa? Katotohanan ang bawat Tasbeehah¹ ay isang kawanggawa, ang bawat Takbeerah² ay isang kawanggawa, ang bawat Tahmeedah³ ay isang kawangga at ang bawat Tahleelah⁴ ay isang kawanggawa. Ang pag-uutos ng mabuti ay isang kawanggawa, at ang pagbabawal ng kasamaan ay isang kawanggawa at ang paglapit sa kanyang pamilya ay isa ring kawanggawa. Ang mga kasamahan ay nagtanong: O Sugo ng Allah(ﷻ), kung ang isa sa amin ay nakipagtalik sa kanyang asawa, siya ba ay may gantimpalang nauukol dito? Ang Propeta ng Allah(ﷺ) ay sumagot; 'Hindi ba siya ay mapaparusahan kung siya ay nakikiapid? Ganoon din, siya ay may gantimpala kung siya ay nakikipagtalik sa kanyang asawa.'" (Muslim)

¹ Tasbeehah – ang pagbigkas ng ‘Subhanallah’ (Ang Allah ay malayo sa lahat ng di-kaganapan). (AM)

² Takbeerah – ang pagbigkas ng ‘Allahu Akbar’ (Ang Allah ay dakila). (AM)

³ Tahmeedah – ang pagbigaks ng ‘Alhamdulillah’ (Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay para sa Allah lamang). (AM)

⁴ Tahleelah – ang pagbigkas ng ‘Laa ilaaha il’laa Allah’ (Walang ibang diyos na dapat samabahin kundi ang Allah lamang). (AM)

Sa Islam, ang pag-aasawa ay ipinagkakapuri. Ito ang tanging daan upang ang isang tao ay mahibsan ang kanyang pagnanasang sekswal. Ang Sugo ng Allah(ﷻ) ay nagsabi:

“Ako ay nag-asawa, kung sinuman ang hindi nagsaalang-alang sa aking Sunnah, siya ay hindi kabilang sa akin.” (Irwa al-Ghaleel)

Pinahihintulutan sa Islam ang pag-aasawa bilang isang likas na pangangailangan sa buhay ng bawat tao. Dahil dito, ang pagmamahal, habag at ang pag-ibig ay lalaganap sa pamayanan, at ito ang magpapanatili sa lahi ng tao (procreation). Sa pamamagitan din nito, ang kalinisan, ang paggalang at dangal ay mapapanatili. Samakatuwid, kung sinuman ang sumansala sa pagpapakasal, pinigilan niya ang kanyang sariling makamtan ang mga kabutihan at kapakinabangang dulot nito, at ito'y sumasalungat sa kanyang likas na pangangailangan.

Ang isang mapayapang buhay, matiwasay at may pagmamahalan ay siyang itinatag ng Islam sa pagitan ng mag-asawa. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

“At ang Kanyang mga tanda ay ang Kanyang paglikha mula sa inyong mga sarili ng mga asawa upang inyong matagpuan sa kanila ang kapayapaan (ng kalooban) mula sa kanila at Kanyang inilagay sa pagitan ninyo ang (damdamin ng) pagmamahal at habag. Katotohanan, naririto ang tunay na mga tanda para sa mga taong nag-iisip” (Qur’an 30:21)

Sa pamamagitan ng pagpapakasal ang mag-asawa ay napapangalagaan laban sa mga bagay na ipinagbabawal (pangangalunya, pakikiapid at prostitusyon); ito ang layunin ng pag-aasawa sa Islam. Kaugnay nito ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

“...Sila ang inyong ‘libas’ [saplot sa katawan o ‘Sakun’, (kasiyahan sa kanilang piling)] sa inyo at gayundin naman kayo sa kanila...” (Qur’an 2:187)

May ilang mga taong sumasalungat sa Islam tungkol dito, at nagtataguyod ng pakikipag-ugnayang sekswal sa paraang hindi pinahihintulutan ng *Shari'ah* (Batas ng Islam). Binabalaan ng Islam ang mga Muslim na nag-aasal hayop upang mapunan lamang ang kanilang pagnanasang sekswal sa anumang paraang kanilang ikaliligaya. Itinuturing na isang malaking kasalanan sa isang lalaki ang makipagtalik sa babaing hindi karapat-dapat (hindi niya asawa) para sa kanya!

Ang Propeta ng Allah(ﷺ) ay nagsabi:

“Wala ng kasalanang hihigit pa pagkatapos ng ‘Shirk’ (pagtatambal o pagsamba sa iba maliban sa Allah(ﷻ)) kumpara sa taong nakikipagtalik sa hindi niya asawa (pakikiapid)”. (Ahmad)

Itinuturo ng Islam sa mga mananampalataya na maging malinis, dalisay at marangal. At sinisikap maging maayos at ganap ang pamamaraan at pag-uugali ng bawat Muslim. Si Abu Umaamah(رضي الله عنه) ay nag-ulat;

“Isang binata ang lumapit sa Propeta(ﷺ) at sinabi: ‘O Sugo ng Allah(ﷻ), payagan ninyo akong makiapid o mangalunya! Ang mga tao ay pumalibot sa kanya at nagsabi: ‘Mah...Mah!’⁵ Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi: ‘Dalhin siya rito’. Siya ay lumapit at umupo sa tabi ng Propeta(ﷺ). At kanyang (ﷺ) sinabi rito: ‘Gusto mo ba ang bagay na ito para sa iyong magulang?’ Siya’y sumagot: ‘Hindi, sa Ngalan ng Allah(ﷻ)! Maaari mo ba

⁵ Isang pagpapahiwatig, na ginagamit sa pagpapahayag ng pagkayamot. (AM)

akong ipantubos? Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi sa kanya: Gayundin, ang ibang tao ay kinapopootang makita ang kanilang mga magulang na makiapid.' Ang Propeta(ﷺ) ay muling nagtanong sa kanya: 'Nais mo ba ang bagay na ito para sa iyong anak na babae? Siya'y sumagot: 'Hindi, sa Ngalan ng Allah(ﷻ)! Maaari mo ba akong ipantubos?' At kanyang (ﷺ) sinabi rito: 'Gayundin, ang ibang tao ay kinamumuhian makita ang kanilang mga anak na babae na makiapid.' At kanyang(ﷺ) sinabi rito: 'Gusto mo bang mangyari ito sa iyong kapatid na babae?' Siya ay sumagot, Hindi! Isinusumpa ko sa Allah(ﷻ)! Maaari mo ba akong ipantubos? 'Gayundin, ang ibang tao ay kinasusuklamang makita ang kanilang mga kapatid na babae na makiapid'. At kanyang(ﷺ) muling sinabi rito: 'Gusto mong mangyari ito sa kapatid na babae ng iyong mga magulang?' Siya ay sumagot, Hindi! Isinusumpa ko sa Allah! Maaari mo ba akong ipantubos? 'Gayundin, ang ibang tao ay kinapopootang makita ang kanilang mga tiyahing makiapid.' (Ang nagulat ng Hadeeth ay nagsabing), inilagay ng Propeta(ﷺ) ang kanyang kamay sa dibdib ng binata at kanyang sinabi; 'O Allah patawarin mo siya, dalisayin mo ang kanyang puso, at ingatan mo siya laban sa pakikiapid at pangangalunya. Pagkaraan noon ang pakikiapid ang siyang pinakakinamumuhian ng binatang iyon.' (Ahmed)

Hindi tinatanggap ng Islam ang pangingilin o pagdidili-dili mula sa mga makamundong kaligayahan at kasiyahan. Sinabi ni Anas b. Malik (رضي الله عنه) na:

"Tatlong tao ang pumunta sa bahay ng Sugo(ﷺ) at nagtanong tungkol sa kanyang pagsamba (debosyon). Nang sabihin sa kanila ang tungkol sa gawaing pagsamba ng Propeta(ﷺ) at nalamang ang kanilang

ginagawa ay di-sapat sa kanilang inaakala, sila ay nagsabi: 'Kami ay hindi katulad ng Sugo(蘇); Pinatawad na ng Allah ang kanyang nakaraan at darating na mga kasalanan!' Ang isa sa kanila ay nagsabi: 'Para sa akin, gugugulin ko sa aking pagdarasal ang buong magdamag.' Ang pangalawa ay nagsabi: 'Para sa akin, mag-aayuno ako araw-araw at hindi ko ito puputulin.' Ang ikatlo ay nagsabi: 'Para sa akin, hindi ako mag-aasawa at iiwasan ko ang kababaihan.' Lumapit ang Sugo(蘇) at nagtanong: 'Kayo ba yaong nagsasabi ng ganito? Katotohanan, sa Ngalan ng Allah, Ako ang higit na matuwid at mayroong takot sa Allah ng higit sa inyo, subali't ako'y nag-aayuno at pinuputol ko ito, nagdarasal ako at ako'y nagpapahinga at nagpakasal ako sa kababaihan. Kaya't sinuman ang lumihis mula sa aking Sunnah siya ay hindi nabibilang sa akin.'" (Bukhari)

Hindi pinahihintulutan sa Islam ang pagpaparaos ng sinuman ng kanyang pagnanasang sekswal sa makahayop na pamamaraan.

Si Muhammad Qutub, (isang kilalang paham na Muslim sa kapanahunan niya) ay nagsabi:

“Wala anumang suliranin tungkol sa usapin ng pangangailangang sekswal sa Islam. Ang Islam ay nagtakda ng mga hangganan kung saan maaaring mapunan ng isang tao ang kanyang pangangailangang sekswal (kabilang na rito ang pakikipagtalik) at walang pagbabawal na umiiral sa sinumang nais magsagawa nito. Ang mga panuntunang itinalaga sa Islam (kaugnay ng paksang ito) ay katulad ng mga tulay na nag-uugnay sa mga ilog; kung saan hindi nito pinipigil ang daloy ng tubig, bagkus ay pinangangalagaan nito ang mga dumaraan (papunta at pabalik). Sa pamamagitan nito, makakamtan din ang ibang layunin, na hindi nakamit (bago itayo ang tulay). Ito ang tunay na layunin ng Islam hinggil sa pagnanasang sekswal ng isang tao. Nagtalaga ito ng mga panuntunan, hindi upang

supilin o ipagbawal, bagkus itinatag at isinaayos, sapagka't ito ang mga hangganan at limitasyon ng Allah(ﷻ). Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi "*...huwag sumuway sa mga hanggananang itinalaga ng Allah...*". (Qur'an, 2:229) Ito ang mga hanggananang itinakda ng Allah(ﷻ) upang maging ligtas ang isang taong magparaos ng kanyang lakas, kung saan ang kabutihan ay matatagpuan sa bawat sarili at sa pamayanan.

Batid nila ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pamantayan sa pamayanan sa panahon ng Jahiliyah (Kamangmangan) para sa likas na pangangailangan ng bawat tao maliban lamang sa pagnanasang sekswal. Ito lamang ang likas na pagnanasa ng tao na hindi saklaw sa paghihigpit o pamamahala. Nguni't (ang pamantayan ng pamamahala) hindi ipinahihintulot sa mga tao na angkinin at ariin ang anumang kanyang naisin sa anumang paraan, dahil ito ay itinuturing na pagnanakaw, na may itinakdang batas at kaparusahan. Gayundin naman, hindi nakaligtaan ang mga patakarang may kaugnayan sa paninirahan at pananamit ayon sa kagustuhan ng bawat isa⁶.

Dr. Abd Ar-Rahman b. Abd Al-Kareem Ash-Sheha

Email: info@islamland.com

www.islamland.com

⁶ The Islamic Educational Curriculum, Dar-Al-Shuruq, Vol. 2, P.218-219

Ang Pananaw ng Islam sa 'Sex'

Tinatanggap ng Islam ang katotohanan na ang sekswal na pagnanasa ng isang tao ay kailangang **mahibsan** o mapawi batay sa pamamaraan ng *Shari'ah* (ie: sa pagpapakasal). Hindi dapat **mahibsan** ang pagnanasa sa ibang paraan. Ikinagagalak ng Allah(ﷻ) ang mga taong sumusunod sa batas na ito at nagsabi;

Katiyakang ang mga mananampalataya ang siyang magtatagumpay, silang nagsasagawa ng kanilang pagdarasal nang may kababaang-loob, at yaong umiiwas sa mga marumi. At yaong nagbabayad ng Zakah at yaong nangangalaga ng kanilang kalinisan (dangal o puri), maliban sa kanilang mga asawa o yaong nasa kanilang kanang kamay, upang sa gayon sila ay malaya sa anumang pagkakasala. (Qur'an 23:1-6)

Hinihikayat ng Allah (ﷻ) ang mga Muslim na mag-asawa, sapagka't ito ay '*Sunnah*' (tradisyon) ng lahat ng mga Propeta at mga Sugo, nawa'y pangalagaan sila ng Allah(ﷻ) at ilayo sila laban sa anumang masamang bagay. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi;

“At katotohanang Kami ay nagpadala ng mga Sugo na nauna sa iyo (O Muhammad(ﷺ)), at Aming ginawaran sila ng mga asawa at anak...” (Qur'an 13:38)

Hinihikayat maging ng Sugo ng Allah(ﷻ) ang mga Muslim na mag-asawa at magkaroon ng mga anak. Si Ma'qal b. Ya'saar (رضي الله عنه) ay nagsabi;

May isang taong nagpunta sa Sugo ng Allah(ﷻ) at nagsabi: 'O Sugo ng Allah(ﷻ), ako ay ikakasal sa babaing galing sa mga

mapitagang pamilya, siya ay mayaman nguni't baog. Pakakasalan ko ba siya? Ang Sugo ng Allah(ﷻ) ay nagsabi;

“Pakasalan ang babaeng mahinhin, at may kakayahang magka-anak sapagka't aking ipagmamalaki (ang malaking bilang) ng aking pamayanan sa harap ng lahat ng pamayanan. (sa Araw ng Pagbabangong Muli).” (Abu Dawood)

Ipinag-uutos ng Islam sa mga Muslim na tulungan ang isang taong gustong mag-asawa kaagad. Si Abu Hurairah (رضي الله عنه) ay nag-ulat na ang Sugo ng Allah(ﷻ) ay nagsabi:

“Kung kayo ay nilapitan ng isang tao (na kalugod-lugod ang kanyang pag-uugali at pananampalataya) mangyaring ipakasal siya; kung hindi, ang ‘Fitnah’ (mga pagsubok at awayan) at kasamaan ang mangingibabaw.” (Haakim)

Hinihikayat ng Islam ang mga katiwala na gawing magaan at di-magulo ang mga bagay tungkol sa pagpapakasal. Ang Sugo ng Allah(ﷻ) ay nagsabi;

“Ang palatandaan ng ‘Barakah’ (i.e.; kabutihan) sa babae ay kung magaan ang kasunduang pagpapakasal, mahar (dote) at ang panganganak.” (Haakim)

Ipinag-uutos ng Islam sa mga Muslim na mag-asawa ng maaga at hindi dapat matakot sa kahirapan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi;

“At inyong pakasalan sa inyong lupon ang mga wala pang pananagutan (lalaki at babae na wala pang asawa) o kaya ang mga matatapat at mataimtim na inyong mga alipin, lalaki o babae. Kung sila ay maralita, ang Allah ang magkakaloob sa kanila ng yaman mula sa Kanyang

Kasaganaan, sapagka't ang Allah ay Siyang Tagapanustos sa lahat ng pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang Lubos na Maalam sa lahat ng bagay (hinggil sa katayuan ng tao)". (Qur'an 24:32)

Ang Propeta ng Allah(ﷺ) ay nagsabi:

"Ang Allah ay lubos na tumutulong sa tatlong uri ng tao; ang Mujaahid (Muslim na nakikipaglaban) na tumatahak sa landas ng Allah), ang isang taong nag-asawa upang mapangalagaan at mapanatili ang kalinisan (ng kanyang puri) at ang isang alipin na nais mabayaran ang kanyang amo upang makamtan niya ang kanyang kalayaan". (Haakim)

Ang isang Muslim na lalaki na hindi kayang magpakasal dahil sa kanyang kahirapan ay inuutusan na panatilihin ang kanyang kalinisan.

Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

"At yaong walang kakayahang pananalapi upang mag-asawa ay hayaan panatilihin ang kanilang dangal, hanggang sila ay pagyamanin ng Allah mula sa Kanyang Biyaya". (Qur'an 24:33)

Sa Islam, ipinag-uutos sa mga kabataan ang pag-aasawa sa lalong madaling panahon. Nagbigay din ng payo ang Propeta(ﷺ) sa mga taong hindi makapag-asawa na putulin ang hangarin sa pagnanasang sekswal kung hindi makalikom ng sapat na halaga ng salaping gugulin. Ang Propeta ng Allah(ﷺ) ay nagsabi:

"O mga kabataan! Sinuman ang may kakayahang (pananalapi at pangangatawan) para sa pag-aasawa, ay

dapat magpakasal; upang mapigil niya ang kanyang paningin at mapanatiling malinis ang kanyang puri. Nguni't kung sinuman ang walang kakayahan para sa pag-aasawa, kailangan niyang mag-ayuno, dahil ito ang mangangalaga sa kanya (sa pagnanasang sekswal)".
(Bukhari)

Ang Qur'an ay naglarawan ng magandang halimbawa para sa mga kabataang Muslim kung ano ang gagawin sa pagnanasang sekswal, at kung papaano ang pagsugpo rito, na nakasaad sa salaysay ni Propeta Yousuf (عليه السلام) (Joseph). Ang Allah (الله) ay nagsabi;

"At siya (na babae), na kung saan siya ay naninirahan, ay nagtangkang akitin (na gumawa ng kahalayan), at isinara niya (ng babae) ang mga pintuan at nagsabi: 'Halika! Ikaw nga!' Siya ay nagsabi: 'Ako'y nagpapakupkop sa Allah!' Katotohanan, siya (ang iyong asawa) ay aking panginoon! Ginawa niyang maginhawa ang aking pananatili rito! (Kaya, hindi ko magagawang siya ay aking pagtaksilan). Katotohanan, ang mga mapaggawa ng kamalian ay hindi nagtatagumpay. At tunay nga na siya ay pinagnasaan niya (ng babae), at marahil siya ay nahulog sa kanyang pagnanasa, kung hindi lamang niya nakita ang palatandaan ng kanyang Rabb (Panginoon). Sa gayong paraan, Amin siyang inilayo sa kasamaan at bawal na pakikipagtalik. Katotohanan, siya ay isa sa Aming piniling alipin."
(Qur'an 12:23-24)

Kahit na ang isang tao ay ibilanggo o saktan, hindi siya dapat pumayag sa bawal na pakikipatalik. Ang Allah (الله) ay nagsabi:

"Siya (ang babae) ay nagsabi: Siya nga (ang lalaki) na inyong isinusumbat sa akin, at nagawa ko ngang siya ay

tuksuhin, subali't siya ay tumanggi. At ngayon kung siya ay tumangging sumunod sa akin, katiyakang siya ay itatapon sa kulungan, at siya ay isa sa mga nawalan ng dangal. Siya (si Yusuf) ay nagsabi: 'O aking Rabb (Panginoon)! Ang bilangguan ay higit na mainam sa akin kaysa sa anumang kanilang ipinag-aanyaya sa akin. Maliban na Inyong ilayo sa akin ang kanilang pagtatangka, ako ay mahuhulog sa kanilang pagnanasa at mabibilang sa mga mangmang.' (Qur'an 12:32-33)

Ipinagbabawal sa Islam ang pagpaparaos sa pagnanasang sekswal sa anumang pamamaraan malibang ito ay makatarungan.

Ang Mga Hakbanging Ipinatutupad ng Islam Upang Isakatuparang Maayos ang Pagnanasang Sekswal

Ipinagbabawal sa Islam ang anumang gawaing maaaring pumukaw at magdulot ng pagnanasang sekswal – maliban sa pagitan ng mag-asawa – sa pangambang maaaring makagawa ang isang tao ng labag sa batas. Ang mga sumusunod ay ang mga pamamaraang itinakda sa Islam upang mapangalagaan ng isang tao ang kanyang pagnanasang sekswal.

- 1. Ang paghiwalay sa tulugan ng mga anak.** Sinabi ng Propeta ng Allah(ﷺ);

“Ipag-utos ninyo sa inyong mga anak ang pagdarasal (Salah) kapag sila’y pitong taong gulang na, at paluin sila (kung hindi sila magdasal) pagdating nila ng sampung taong gulang, at dapat ihiwalay sila sa kanilang pagtulog.” (Abu Dawoud)

Ito ay upang maiwasan ang anumang maaaring mangyari na makapagbigay init sa pagnanasang sekswal sa kanilang pagtulog.

Ipinag-uutos sa Islam na dapat magsuot ng *Hijab* ang babaeng Muslim at hindi dapat makipagtipon sa mga lalaking hindi Mahram⁷, upang mapanatili ang dangal ng bawat isa at upang maiwasan ang pagnanasang sekswal. Sinabi ng Allah(ﷻ);

“O Propeta(ﷺ)! Sabihin mo sa iyong mga asawa at sa iyong mga anak na babae at sa mga kababaihang

⁷ Mahram: ang lalaking hindi maaaring pakasalan (ng babae). (AM)

mananampalataya na ibaba ang kanilang takip sa buong katawan. Ito ay higit na makabubuti, na sila ay makilala (bilang kagalang-galang na kababaihan) upang sila ay hindi alipustain. At ang Allah ang Lubos na Mapagpatawad, ang Maawain." (Qur'an 33:59)

Gayunpaman, pinahihintulutan sa Islam ang mga matatandang babae, na hindi na umaasam ng pag-asawa at hindi na naaakit ang iba (sa kanila), na mag-alis ng panglabas na kasuotan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi;

"At sa mga kababaihang lumipas na ang panahon ng panganganak na hindi na umaasa pang makapag-asawa, hindi kasalanan sa kanila kung sila ay magtanggag ng kanilang damit na pantakip sa paraang hindi nagpapakita ng kanilang kagandahan. Nguni't ang pag-iwas (ang hindi pagtanggag sa damit na pantakip) ay higit na mabuti para sa kanila. At ang Allah ang Lubos na Nakakarinig ang Ganap na Maalam." (Qur'an 24:60)

2. **Ang pagbaba ng paningin⁸:** Ang isang Muslim ay inutusang ibaba ang paningin at huwag tumingin sa mga bagay na ipinagbabawal; sa dahilang maaaring maging marubdob ang kanyang pagtingin pagkatapos ng unang sulyap, at gagamitin ang imahinasyon na maaaring magtulak sa pagsasagawa ng labag sa batas. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

"Sabihin sa mga mananampalatayang lalake na ibaba ang kanilang paningin (mula sa pagsulyap sa mga ipinagbabawal), at pangalagaan ang kanilang maselang bahagi ng katawaan (mula sa bawal na pakikipagtalik).

⁸ Ito ay parehong ipinatutupad sa mga lalaki at babae. (AM)

Ito ay higit na makapagpapadalisa sa kanila. Katotohanan, ang Allah ay Lubos na Nakababatid ng anumang kanilang ginagawa. At sabihin sa mga mananampalatayang kababaihan na ibaba ang kanilang paningin (mula sa pagsulyap sa mga ipinagbabawal), at pangalagaan ang kanilang maselang bahagi ng katawan (mula sa bawal na pakikipagtalik) at huwag ilantad ang kanilang kagandahan maliban kung ano lamang ang dapat makita at ibaba ang kanilang takip sa buong katawan, mukha, leeg at mga dibdib at huwag ilantad ang kanilang kagandahan maliban sa kanilang mga asawa o sa kanilang mga ama, o sa kanilang mga biyenang lalaki o sa kanilang mga anak na lalaki o sa anak na lalaki ng kanilang mga asawa o sa kanilang mga kapatid na lalaki o sa anak na lalaki ng kanilang mga kapatid na lalaki o sa anak na lalaki ng kanilang kapatid na babae o sa kanilang mga kababaihan (kapatid na babae sa relihiyong Islam) o sa (mga babaeng) kanilang mga alipin na taglay ng kanilang kanang kamay o sa matatandang lalaking alipin na wala ng lakas (sa tawag na laman) o sa mga batang walang muwang sa tawag ng makamundong pagnanasa. At huwag nilang ipadyak ang kanilang mga paa upang kanilang mailantad kung ano ang kanilang ikinukubling kagandahan. At lahat kayo ay magsumamo sa Allah ng kapatawaran, O kayong mananampalataya, upang kayo ay maging matagumpay." (Qur'an 24:30-31)

Si Imam Ibn-ul-Qayyim (رحمہ اللہ) ay nagsabi⁹:

Dahil (ang pangangalunya) ay nag-uugat mula sa anumang bagay na nakikita, ang pag-uutos na ibaba ang paningin ay higit

⁹ Al-Jawab al-Kafi le'man sa'a'la an ad-da'waa ash-sha'fee (The Adequate Answer for him who asks for the Curative Remedy) pg. 232

na pinagtuunan ng pansin kaysa sa pangangalaga ng maselang bahagi ng katawan (i.e. ang maging malinis ang puri). Ang lahat ng pangyayari ay nag-uugat mula sa anumang nakikita; tulad din ng apoy na nagsisimula sa maliit na kislap. Ang isang masamang tingin ay nabubuo sa kaisipan (sa puso) na nagtutulak upang ito ay gawin at sa huli ito ay nagiging kasalanan. Kaya, ito ang sinabi:

'Sinuman ang nangalaga o nag-ingat sa apat na bagay ay napangalagaan nito ang kanyang Deen; ito ay ang kanyang paningin, kaisipan, mga pananalita, at mga gawain.'

Maaaring sa hindi sinasadya, ang isang tao ay napatingin sa isang masamang bagay nguni't ipinagbabawal para sa kanya na magtangka muling tingnan ito o sa ikalawang pagkakataon.

Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi kay Ali (رضي الله عنه):

“O Ali (makinig ka!), Huwag ipagpatuloy ang pagtingin (sa mga ipinagbabawal na bagay) dahil ang unang tingin ay pinapahintulutan (para sa iyo) nguni't ang pangalawa ay hindi na.” (Tirmidhi)

Upang mahimok ang mga Muslim na ibaba ang kanilang mga paningin, ang Propeta(ﷺ) ay nagpahayag ng gantimpalang makukuha ng isang Muslim sa pag-iingat at pagbaba ng paningin ng dahil sa takot sa Allah(ﷻ) at sa pag-asang mabigyan siya ng gantimpala. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

“Ang pagsulyap ay kagaya ng isang palasong may lason ni Iblees (Satan); sinuman ang umiwas dahil sa takot sa Allah at umaasa sa Kanyang Kasiyahan at upang makatanggap ng gantimpala; ang kanyang Iman (pananampalataya) ay lalakas na ang kasiyahan nito ay mararamdaman sa kanyang puso.” (Haakim)

3. Ang paghingi ng pahintulot bago pumasok sa pribadong pamamahay ng sinuman, upang maiwasan ang pagtingin sa mga hindi kaaya-ayang tagpo o tanawin. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

***"O kayong mananampalataya! Hayaan ang inyong mga alipin at babaing alipin, at yaong kabilang sa inyo na hindi pa umaabot sa tamang gulang na humingi ng pahintulot (bago sila lumapit sa inyong kinaroroonan) sa tatlong pagkakataon: bago sumapit ang Fajr (Umagang Pagdarasal), at habang kayo ay nagpapalit ng damit para sa tanghaliang (pamamahinga), at pagkatapos ng Isha (huling pagdarasal sa gabi). Ang mga ito ang tatlong pagkakataong pangsarili para sa inyo; sa ibang oras maliban dito, walang pagkakasala sa inyo o sa kanila na gumala at asikasuhin ang isa't isa. Ganyan ginawang malinaw ng Allah ang mga talata ng Qur'an para sa inyo. At ang Allah ay Lubos na Maalam, ang Tigib ng Karunungan."* (Qur'an 24:58)**

Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi;

***"At kung ang mga bata na kabilang sa inyo ay umabot na sa tamang gulang, hayaan silang humingi ng pahintulot sa nakatatanda sa kanila (sa gulang). Ganyan ginawang malinaw ng Allah ang Kanyang Ayat para sa inyo. At ang Allah ang Lubos na Maalam, ang Tigib ng Karunungan."* (Qur'an 24:59)**

4. Ipinagbabawal sa Islam na pamarisan ng kalalakihan ang kababaihan at ang kababaihan na tularan ang kalalakihan. Si Ibn Abbas (رضي الله عنه) ay nagsabi:

“Ang Sugo ng Allah(ﷻ) ay isinusumpa ang mga lalaking tinutularan ang mga babae at ang mga babaeng tinutularan ang mga lalaki.” (Bukhari)

5. Ipinagbabawal sa Islam ang tumingin sa mga bagay na magtutulak sa pagnanasang sekswal, kagaya ng mga malalaswang larawan. Si Abdurrahman b. Abi Sa’eed al-Khudri (رضي الله عنه) ay nagsabing ang kanyang ama ay narinig ang Propeta(ﷺ) na nag-ulat;

“Ang isang lalaki ay hindi dapat tumingin sa maselang bahagi ng kapwa niya lalaki, o kaya’y ang isang babae ay hindi dapat tumingin sa maselang bahagi ng kanyang kapwa babae. Ang dalawang lalaki ay hindi dapat mahiga na nakahubad sa iisang kumot, at ang dalawang babae ay hindi dapat mahiga na nakahubad sa iisang kumot.” (Muslim)

6. Ipinagbabawal ang makinig sa mga bagay na nakakarahuyo sa pagnanasang sekswal, kagaya ng mga awitin. Karaniwan sa mga awitin ay nakakapukaw sa damdamin ng isang tao tungo sa pagnanasang sekswal at maaaring gumawa ng mga kasamaan. Ang mga pantas na Muslim ay matapat sa pagsasabi ng katotohanan tungkol sa mga awitin, nang kanilang sabihin na; **‘Ang mga awitin ay nagtutulak upang gumawa ng pakikiapid o pangangalunya¹⁰.’**
7. Ipinagbabawal ng Propeta(ﷺ) ang makasama sa mahabang panahon ang isang binata (o binatilyo) at titigang mabuti lalo na yaong may kaakit-akit ang anyo. Si Abu Hurairah (رضي الله عنه) ay nagsabi na ang Propeta(ﷺ) ay nag-ulat:

¹⁰ Ito ay pahayag ni Fudail b. A’yaad, at iniulat ni Ibn Abid-Dunya at Al-Baihaqi (AM)

“Ang anak ni Adan ay nagiging bahagi sa pangangalunya. Ang mga mata ay nangangalunya sa pagtitig sa mga ipinagbabawal na bagay. Ang mga tainga ay nangangalunya sa pakikinig ng mga ipinagbabawal na bagay. Ang pangangalunya ng dila ay ang pakikipag-usap sa mga babaeng hindi kakilala. Ang pangangalunya ng mga kamay ay ang paghawak sa mga ipinagbabawal na bagay. Ang pangangalunya ng mga paa ay ang paglakad sa mga ipinagbabawal (na lugar). Samantalang ang puso ay umaasam at naghahangad; magkagayon, ang isang tao ay maaaring makiapid o kaya’y mapalapit sa pagsasagawa nito.” (Muslim)

8. Ipinagbabawal ng Propeta(ﷺ) na mapag-isa sa piling ng mga babaeng hindi kilala. Maaaring ang taong ito ay mahikayat ni Satanas na gumawa ng pangangalunya sa pamamagitan niya. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

“Huwag hayaan ang sinuman sa inyong manatiling nag-iisa sa piling ng babae (na hindi kilala), dahil si Satanas ang maaaring pangatlo sa kanila.” (Ibn Hibban)

Ang malayang pakikisalamuha ng mga kalalakihan sa kababaihan ay ipinagbabawal sa Islam, sapagka't ito'y maaaring magbunga ng ipinagbabawal na relasyon, at ang lahat ng bagay na umaakay sa ipinagbabawal ay ipinagbabawal din.

Si Propesor Muhammad Qutub (رحمته الله), ay may ganitong komentaryo sa kanyang aklat na pinamagatang “Man between Materialism and Islam”:

“Ang kawalang-malay sa *coeducation* ay isang pambihirang kasaysayang nagmula sa Kanluran. Nang isulong ang ‘secularism’ (walang-kaugnayan sa relihiyon) ng Taga-

Kanluran at magsimulang mabuwag ang idealismo at naghangad na makitungo sa pamamagitan ng makamundong pagnanasa (sexual pleasure), ang mga 'Sociologist' (mga siyentipikong may karununganang panlipunan) at 'Psychologist' (mga siyentipikong may karununganang pangkaisipan) ay nagpahayag ng kanilang pagsang-ayon sa maaaring kapakinabangang maidudulot ng pagsasama-sama ng lalaki at babae sa isang paaralan (Co-education). Sa huli, tinalikuran ng Taga-Kanluran ang mga kahalagahan at kapakinabangang ito, pagkaraang kanilang matuklasan ang masamang bungang hatid nito. Magkagayon, ang mga Psychiatrist, Psychologist at mga Neurologist ay binawi ang kanilang naunang opinyon at sinabing ang pagtitipon na may sayawan, ang pagsama-sama ng mga inosenteng kabataan, gayundin ang iba pang pagsasalusalalo bagama't ito'y nasa ilalim ng pangangalaga ng mga magulang ay maaaring mangibabaw pa rin ang makamundong (sekswal na) damdamin. Kapag ang ganitong damdamin ay pinigilan sanhi ng panlipunang kalagayan o dahil sa kahihiyan, ito'y maaaring maging daan upang magkaroon ng sikolohikal o pagkabahala sa kanilang isipan sa naturang okasyon. Sa ganitong pagkakataon, isa sa dalawa ang maaaring maganap sa isang kabataan, maaaring humanap siya ng ibang lugar upang bigyan-kasiyahan at pawiin ang kanyang makamundong damdamin na walang humahadlang o pumipigil. O kaya'y magkaroon siya ng lubhang pangamba na maaaring magdulot ng isang malala at mapanganib na karamdaman. Samakatuwid, anong uri ng kawalang-malay at pag-aalaga ito?"

- 9. Ipinagbabawal sa Islam ang isang babae na maglarawan ng ibang babae sa kanyang asawa,** sa pangambang maging daan ito upang iwanan niya ang kanyang asawa. Ang ibang katangian ng babae na sinabi sa kanya na hindi taglay ng kanyang asawa ay maaaring makaakit sa huli. Maaari ring gawing dahilan ito ni Satanas

upang siya'y magnasa sa ibang babae. Nag-ulat si Abdullah b. Masood (رضي الله عنه) na ang Sugo ng Allah(ﷻ) ay nagsabi:

“Ang isang babae ay hindi dapat makipagtipon sa ibang babae at pagkatapos ay ilarawan ang detalye ang babaing ito sa kanyang asawa, na parang nakikita ng lalaki ang babae.” (Abu Dawood)

- 10. Ipinagbabawal sa mga kababaihan na lumabas sa kani-kanilang mga tahanan na puno ng “make-up” o pampaganda at pabango.** Ang ganitong kagawian ay nakakatawag pansin sa mga kalalakihan na maaaring magakay sa pagsasagawa ng labag sa batas. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi;

"At manatili sa inyong mga tahanan, at huwag hayaang malantad ang inyong sarili tulad noong panahon ng kamangmangan" (Qur'an 33:33)

Ipinagbabawal din sa isang babae ang makipag-usap ng may malambing at malumanay na pananalita, ito'y pangangalaga sa isang babae mula sa mga lalaking mahihina at naghahanap ng pangangalunya at pakikiapid. Ang isang babae ay dapat makipag-usap sa mga lalaki (hindi kakilala) kung kinakailangan lamang, at hindi siya dapat magsalita ng nakakaakit¹¹. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

"...huwag maging malambing sa pananalita upang ang isang may sakit (ng pagkukunwari o may masamang hangarin sa pangangalunya) ay masaling ang damdamin ng pagnanasa, subali't mangusap sa paraang kagalang-galang" (Qur'an 33:32)

¹¹ Ito ay naaangkop din sa mga kalalakihan. (AM)

Sinabi ng Allah(ﷻ);

“...At kung kayo ay magtanong (sa mga asawa ng Propeta) nang anumang inyong naisin, tanungin sila sa likod ng harang o dingding; ito'y nagpapadalisa sa inyong puso at sa kanilang mga puso...” (Qur'an 33 :53)

Ipinagbabawal sa Islam ang paghuhubot-hubad (walang damit) na nagpapakita at nagtatanghal ng hubog ng kanilang katawan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

“O kayong mga anak ni Adan! Pinagkalooban Namin kayo ng kasuotan at damit upang matakpan ang inyong kahihiyan (maselang bahagi ng katawan) at (isang bagay) bilang palamuti. Datapuwa't ang makatuwiran at makatarungan ay ang pinakamabuting palamuti. Ito ang mga tanda (Talata ng Qur'an na nagpapaliwanag tungkol sa legal na tungkulin) ng Allah, upang sila ay makaalala!” (Qur'an 7:26)

Si Abu Hurairah (رضي الله عنه) ay nag-ulat na ang Sugo ng Allah(ﷻ) ay nagsabing:

“Mayroong dalawang uri ng taong kabilang na mananahan sa Impiyerno, at sila ay hindi ko pa nakikita; ang mga taong may panghagupit na katulad ng mga tainga ng toro, na siyang pinanghahagupit sa mga tao. At ang mga kababaihang nakadamit nguni't parang walang damit, at naglalakad na parang nang-aakit, at hindi sumusunod sa Allah. Ang kanilang mga ulo ay kagaya ng umbok ng pilay na kamelyong ‘Bactrian’. Sila ay hindi makakapasok sa Jannah (Paraiso) na ang bango ay maaamoy mula sa napakalayong lugar.” (Muslim)

Ang Islam ay nagpaliwanag kung kailan ang babae ay maaaring magsuot ng pangkaraniwang pananamit na nakikita ang kanyang kagandahan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

***"At sabihin sa mga mananampalatayang kababaihan na ibaba ang kanilang paningin (mula sa pagsulyap sa mga ipinagbabawal), at pangalagaan ang kanilang maselang bahagi ng katawan (mula sa bawal na pakikipagtalik) at huwag ilantad ang kanilang kagandahan maliban kung ano lamang ang dapat makita at ibaba ang kanilang takip sa buong katawan, mukha, leeg at mga dibdib at huwag ilantad ang kanilang kagandahan maliban sa kanilang mga asawa o sa kanilang mga ama, o sa kanilang mga biyenang lalaki o sa kanilang mga anak na lalaki o sa anak na lalaki ng kanilang mga asawa o sa kanilang mga kapatid na lalaki o sa anak na lalaki ng kanilang mga kapatid na lalaki o sa anak na lalaki ng kanilang kapatid na babae o sa kanilang mga kababaihan (kapatid na babae sa relihiyong Islam) o sa (mga babaeng) kanilang mga alipin na taglay ng kanilang kanang kamay o sa matatandang lalaking alipin na wala nang lakas (sa tawag na laman) o sa mga batang walang muwang sa tawag ng makamundong pagnanasa. At huwag nilang ipadyak ang kanilang mga paa upang kanilang mailantad kung ano ang kanilang ikinukubling kagandahan. At lahat kayo ay magsumamo sa Allah ng kapatawaran, O kayong mananampalataya, upang kayo ay maging matagumpay."* (Qur'an 24:31)**

11. Ipinagbabawal sa babae ang maglakbay mag-isa, na walang Mahram (lalaking katiwala) tulad ng asawa, ama, kapatid na lalaki o kaya ang malapit na kamag-anak na hindi niya maaaring pakasalan. Ang Sugo ng Allah(ﷻ) ay nagsabi:

“Ang lalaki ay hindi dapat makisalamuha ng nag-iisa sa babaeng (hindi kakilala) o kaya'y maglakbay ang babae ng walang ‘Mahram’. Isang tao ang nagtanong sa Propeta(ﷺ); ‘O Sugo ng Allah(ﷻ)! Ako ay nakatalang pumunta sa ganitong labanan, nguni't ang aking asawa ay umalis upang magsagawa ng Hajj!’ Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi, ‘Samahan mo ang iyong asawa para sa pagsagawa ng Hajj’”. (Bukhari)

Ang kabutihang dulot nito ay mapangalagaan at mabantayan ang kapakanan at dangal ng isang babae, sapagka't ang paglalakbay ay hindi madali, na nangangailangan ng maraming bagay, at ang isang babae ay mahina dahil na rin sa pagkakaroon ng buwanang dalaw, ang pagbubuntis, at pagpapasuso ng kanyang sanggol. Dagdag pa rito, ang babae ay madaling malinlang kung ihahambing sa isang lalaki, sapagka't maaari siyang maapektuhan ng kanyang kapaligiran. Kaya sa oras ng paglalakbay, mangangailangan siya ng isang lalaking magbabantay at mangangalaga mula sa mga nagnanais gumawa ng anumang kasamaan laban sa kanya sa anumang paraan, o kaya'y maaaring agawin ang kanyang pera. Nangangailangan din siya ng magbibigay ng kanyang pangangailangan, at tiyakin ang kanyang kaligtasan. Ang isang Mahram ay obligadong isakatuparan ang bagay na ito, upang siya ay hindi mangailangan ng anumang tulong mula sa isang hindi kakilala.

- 12.** Ang Propeta(ﷺ) ay nag-utos sa mga lalaking nakakita ng isang babae at naakit sa kagandahan nito at napukaw ang kanilang pagnanasang sekswal, na bumalik sa sariling tahanan at lapitan ang kanyang asawa. Sa ganitong paraan, siya ay nakaiwas sa paggawa ng masama at nakalayo sa udyok ni Satanas. Ang Sugo ng Allah(ﷻ) ay nagsabi;

“Ang babaeng lumapit sa anyo ni Satan ay ganoon din ang anyo na lalayo kagaya ni Satan¹².” (Muslim)

- 13. Ipinag-uutos sa Islam sa mag-asawa na kailangang masiyahan ang bawat isa sa kanilang pagtatalik kapag dumating ang pagnanasang sekswal sa sinuman sa kanilang dalawa.** Ipinagbawal sa isang babae ang tumanggi sa paanyaya ng kanyang asawa kapag ito ay nag-anyayang makipagsiping upang mahibsan ang kanyang sekswal na hangarin, sapagka't ito'y maaaring maging dahilan upang siya ay makagawa ng kasamaan. Maaaring ang lalaki ay mag-isip ng ibang paraan upang mahibsan ang sariling kasiyahan o di kaya'y magkaroon ng pagkabalisa sa kanyang isipan, at ito'y kapwa nakasasama sa kalusugan. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi;

“Kung tinawag ng lalaki ang kanyang asawa na sumiping sa kanyang pagtulog, nguni't siya ay tumanggi, at ang lalaki ay natulog ng may galit sa kanya, isusumpa ng mga Anghel ang babae hanggang sa kinaumagahan.” (Abu Dawoud)

Kinakailangan ding isakatuparan ng lalaki ang pagnanasang sekswal ng kanyang asawa upang mapangalagaan at mailayo sa paggawa ng kasamaan. Si Imam Ibn Hazm (رحمته الله) ay nagsabi;

“Tungkulin ng lalaki ang makipagtalik sa kanyang asawa, kung siya ay dalisay na, at kung may kakayahang gawin ito. Kung hindi, ang taong ito ay nagkakasala.”

Ang katibayan nito ay mula sa salita ng Allah(ﷻ):

¹² Ang tuwirang pagtingin sa isang babae ay siguradong magtutulak sa isang tao upang gumawa ng masama. (AM)

“...At kung napadalisay na ang kanilang sarili, kung gayon, sila ay inyong lapitan (at makipagtalik) sa paraang ipinag-utos ng Allah...” (Qur’an 2:222)

Dahil sa kahalagahan ng bagay na ito, kung ang lalaki ay pinabayaan at hindi binigyan ng kasiyahan sa pakikipagtalik ang kanyang asawa, binibigyan ang babae ng karapatan upang magsakdal sa Korte – *Shari’ah* – kung kinakailangan, upang makamtan niya ang kanyang karapatan. Ito ay upang mapanatili ang katiwasayan sa lipunan mula sa lahat ng kasamaan.

Sinuman ang nasisiyahan na makitang lumalaganap ang kasamaan sa pamayanan ay katiyakang makakatanggap ng mabigat na kaparusahan mula sa Allah(ﷻ). Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi;

“Katotohanan, sinuman ang nagnanais na ipalaganap ang (krimen) pakikiapid o pangangalunya sa mga mananampalataya, sila ay tatanggap ng matinding kaparusahan sa mundong ito at sa kabilang buhay. At ang Allah ang nakakaalam at hindi ninyo nalalaman.” (Qur’an 24:19)

Kung ganito ang kaparusahan ng mga taong gustong maging palasak ang pangangalunya (sa Lipunan), ano ang parusa ng mga gumagawa nito at ang mga tumutulong sa paglaganap ng mga ganitong gawain sa lipunan?

Ang Pag-aasawa sa Islam

Si **G. Sayyid Saabiq** (رحمہ اللہ) ay nagkomentaryo ng ganito sa kanyang aklat na pinamagatang, ‘*Fiqhu-Sunnah*’¹³:

Hindi ipinahihintulot sa Islam ang pagpapalaya ng nararamdamang pagnanasang sekswal maliban lamang kung ito'y isasagawa sa ilalim ng kasal, sapagka't ang Dakilang Allah, ay hindi naglalayong ang isang tao ay makapantay ng isang hayop na ipinatutupad ang kanyang pagnanasang sekswal ng hindi nauunawaan, o kaya'y ang kanyang pakikipag-ugnayan sa isang babae ay maging masalimuot na walang sinusunod na alituntunin.

Ang Islam ay nagtatag ng isang pamantayan na mangangalaga sa dangal at kalinisan ng tao. Ang ugnayan sa pagitan ng lalake at babae ay nangyayari lamang pagkaraan ng isang kasunduan, at ang kasalan ay nasaksihan at napatunayan ng iba na silang dalawa ay pinagbuklod. Sa ganitong pagkakataon, ang isang maayos at ligtas na pamamaraan para sa ganitong ugnayan ay naitatag. Ang kanilang magiging supling ay mapangangalagaang mula sa pagkaligaw at sila ay mapananatili sa kaaya-ayang kalagayan at ang babae ay mapangangalagaan din sa lahat ng uri ng kasamaan. Pinananatili ng Islam ang buklod ng isang pamilya sa pamamagitan ng pangangalaga at pagmamahal ng ina at ama kaya naman, ang mga anak ay lumalaki sa isang maayos na kapaligiran. Ito ang pamamaraan na kinikilala ng Islam at pinapawi ang iba pa bukod dito.

Dapat ding banggitin sa maikling paliwanag ang mga hakbanging ipinatutupad ng Islam upang pakasalan ang isang babae.

¹³ Vol. 2, pg. 7.

Unang Habangin: Ang Pagpili ng Babaeng Magiging Asawa

Mayroong malinaw na alituntunin at patakaran ang Islam tungkol sa paghahanap ng mapapangasawa, sapagka't ang layunin ng pagpapakasal sa Islam ay hindi lamang para sa kasiyahan pang-sekswal, bagkus ito ang unang hakbang upang makapagtatag ng isang pamilya. Kaugnay nito, ang isang Muslim ay kinakailangang pumili ng mapapangasawang makapagpapanatili ng mabuting relasyon. At hindi ito magaganap malibang ang isang Muslim ay magpakasal sa isang mananampalatayang may takot sa Allah(ﷻ) at maingat na isinasagawa ang mga ipinagkatiwalang tungkulin sa kanya, na hindi nakakalimot sa ibang tungkulin, kagaya ng pagpapaganda sa kanyang sarili para sa kanyang asawa. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi ;

“At pakasalan yaong nabibilang sa inyo na malaya o wala pang pananagutan (lalaki o babae na wala pang asawa) o ang ‘Salihun’ (mga matatapat, malusog at may kakayahan) ninyong mga (lalaking) alipin at alilang babae. Kung sila man ay maralita, ang Allah ay magkakaloob sa kanila ng yaman mula sa Kanyang Kasaganaan. At ang Allah ay Sapat na Tagapanustos sa pangangailanagan ng Kanyang mga nilikha at ang Lubos na Maalam (sa kalagayan ng tao).” (Qur’an 24:32)

Ipinaliwanag ng Propeta(ﷺ) ang mga bagay na nanghihiikayat sa mga Muslim upang magpakasal. At tulad ng ating unang nabanggit ang pinakamahalagang bagay kaugnay nito ay ang pagiging makatuwiran at matapat. Sinabi niya (ﷺ);

“Ang katangiang hinahanap sa babae upang pakasalan ay isa sa apat na sumusunod; dahil sa kanyang kayamanan, sa kanyang angkan (may karangalan), kagandahan at sa kanyang Deen (Relihiyon).” Pakasalan ninyo ang babae dahil sa kanyang Deen (Relihiyon), sana’y biyayaan ng Allah ang inyong kamay.” (Bukhari)

Pinaghahanda ng Islam ang mga lalaki na maging uliran sa pag-aasawa, na dapat ang pag-uugali ay angkop sa katangian na inilarawan ng Propeta(ﷺ). Sinabi ng Propeta(ﷺ):

“Ang Muslim na walang kapintasan sa pananampalataya ay ang mga nagtataglay ng pinakamabuting katangian at pag-uugali. Ang pinakamabuti sa inyo ay ang mga pinakamabuti sa kanilang mga pamilya.” (Tirmidhi)

Pinaghahanda rin ng Islam ang mga babae na maging uliran sa pag-aasawa, na dapat ang pag-uugali ay angkop sa katangian na inilarawan ng Propeta(ﷺ). Siya ay tinanong; ‘Alin sa mga babae ang pinakamabuti?

“Siya ay nagsabi; (Siya na babae) na nasisiyahan ang kanyang asawa kapag ito ay nakikita, tumatalima sa lahat ng ipinag-uutos o ipinapagawa¹⁴, sumusunod sa kanyang kahilingan (upang masiyahan sa sekswal na hangarin) at iniingatan ang kanyang kayamanan (hanggat hindi labag sa batas ang mga bagay na ginagawa).” (Nasa’ee)

¹⁴ Kailangang sumunod ang babae sa kanyang asawa habang hindi siya inuutusang gumawa ng bagay na ipinagbabawal. (AM)

Pinaghahanda rin ng Islam na maging uliran ang bawat pamilya upang maging matulungin sa lipunan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Nawa’y kalugdan ng Allah ang isang lalaki na nagsasagawa ng panggabing pagdarasal (Salah) at ginigising ang asawa at kung hindi bumangon, magwilig ng tubig sa kanyang mukha. At nawa’y kalugdan ng Allah ang isang babaeng nagsasagawa ng panggabing pagdarasal (Salah), ginigising ang asawa, at kung hindi magising, magwilig ng tubig sa kanyang mukha.” (Ibn Khuzaimah)

Ikalawang Hakbangin: Pinahihintulatang Makita ang Babaeng Nais Pakasalan¹⁵

Hangad ng Islam na makapagtatag ng pangmatagalang ugnayan sa buhay ng mag-asawa. Ang lalaki ay dapat maghanap ng kaakit-akit na asawa na mayroong mabuti at magandang asal upang ang ugnayan ng mag-asawa ay maging panghabang buhay. Kaya naman, pinahihintulutan sa Islam na magkita ang dalawa.

May isang lalaki ang lumapit at nagsabi sa Propeta(ﷺ) na nais niyang pakasalan ang isang babaeng ‘Ansar’ (mga tumulong sa mga lumikas at nanirahan sa Madinah). Iniulat na sinabi ng Propeta(ﷺ);

“Nakita mo na ba siya? Ang lalaki ay sumagot ng; ‘Hindi’; at sinabi ng Propeta ng Allah(ﷺ); pagmasdan mo muna siya; dahil mayroong nakakasiyang katangian sa mata ng mga babaeng Ansar.” (Muslim)

Binanggit ng Propeta(ﷺ) na mahalagang makita ang isang babae bago ito pakasalan. Kaugnay nito, si Anas ay nag-ulat na si Al-Mughira b. Shu’bah (رضي الله عنه) ay mayroong ugnayan sa isang babae at ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi sa kanya;

¹⁵ Dapat isaalang-alang ninuman ang mga sumusunod:

- Hindi pinahihintulutan ang isang lalaki na makasama ang babae sa isang tagong lugar, ang Propeta ay nagsabi; ‘Siya (lalaki) na naniniwala sa Allah at sa Huling Araw ay hindi dapat manatili sa pribadong lugar na kasama ang isang babae (hindi kilala) maliban kung siya (babaeng) ay may Mahram (lalaking katiwala) magkagayon, si Satanas ang kanilang ikatlo.” (Ahmed)
- Siya na tumitingin sa karaniwang nakikita sa babae, ang mukha, kamay, paa atbp.
- Nararapat na mayroong matapat na layunin sa pakikipagkasundo sa babae.
- Hindi niya dapat ipamalita ang mga makikitang di-magandang katangian ng babae.

“Puntahan at tingnan mo siya, dahil sa paraang ito kapwa kayo magiging malapit at mapagmahal sa isa’t isa.” (Ibn Majah)

Ang Islamikong pamayanan ay isang lugar na malaya sa anumang panganib at suliranin. Ang pagmamahal at pag-ibig ng mag-asawa ay likas sa damdamin ng bawat isa (sa Islam). Samakatuwid, hangga’t ang pagmamahalan nila ay dalisay at wagas, alinsunod sa batas, ito ay ikinasisiya at inaayunan ng Islam. May isang taong nagtanong sa Propeta(ﷺ);

“O Propeta ng Allah(ﷺ)! Mayroon akong babaeng ampon (ulilang lubos). May dalawang lalaking nagpahayag na pakakasalan siya. Ang isa ay mayaman at ang isa ay mahirap. Gusto namin ang mayaman nguni’t gusto niya yaong mahirap. Kanino namin siya ipakakasal? Ang Propeta ng Allah(ﷺ) ay nagsabi; ‘Wala ng ibang higit na maganda sa dalawang taong nagmamahalan kundi ang pagpapakasal.’” (Haakim)

Hinihikayat sa Islam na may mamagitan sa isang mabuting lalaki na magpakasal sa isang mabuting babae na nagmamahalan sa isa’t isa.

Sinabi ni Ibn Abbas (رضي الله عنه) na ang asawa ni Bareerah (kalugdan nawa siya ng Allah) na isang alipin na ang pangalan ay Mugeeth, ay lagi ng sumusunod na naglalakad sa likod ni Bareerah na umiiyak, habang ang luha ay tumutulo sa kanyang balbas. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi kay Abbas (رضي الله عنه);

“O Abbas! Hindi kaba nagtataka kung gaano kamahal ni Mugeeth si Bareerah na hindi naman siya gusto!” Pagkatapos ay sinabi kay Bareerah; ‘Bakit hindi ka bumalik sa kanya? Sinabi ni Bareerah, Inuutusan mo bang gawin ko? At sinabi sa kanya; ‘Ako ay

***namamagitan lamang para sa kanyang kapakanan.'
Nguni't sinabi ni Bareerah, hindi ko na siya kailangan."
(Bukhari)***

Hinihikayat din ng Islam ang lalaking tagapangalaga na ipakasal ang babaeng nasa kanilang pamamahala sa isang nararapat, maginoo at mabait na lalaki pagkatapos ibigay ang kanilang pahintulot. Ang tagapangalaga ay dapat maging maingat sa paghahanap ng mabuting asawa ng kanilang nasasakupan (mga babaeng nasa kanyang pangangalaga). Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi;

At nang siya ay nakarating sa tabi ng balon ng Madyan (Midian) kanyang natagpuan doon ang isang pangkat ng mga kalalakiang nagpapainom (ng kanilang kawan ng hayop), at sa tabi ng mga ito ay kanyang nakita ang dalawang babae na nangangasiwa (ng kanilang kawan ng hayop). Siya ay nagsabi: "Ano ba ang nangyayari sa inyo?" Sila ay nagsabi: Hindi namin mapapainom (ang aming mga hayop) hangga't hindi kunin ng mga pastol (ang kanilang mga hayop). At ang aming ama ay lubhang matanda na. Kaya kanyang pinainom (ang kanilang mga hayop) para sa kanila, pagkaraan ay muling bumalik sa lilim, at nagsabi: "Aking Panginoon! Katotohanang ako ay nangangailangan ng anumang mabuti na Inyong maigagawad sa akin!" Pagkaraan, lumapit sa kanya ang isa sa dalawang babae, na nahihiyang naglalakad. Siya ay nagsabi: "Katotohanan, ikaw ay tinatawag ng aking ama upang ikaw ay gantimpalaan sa pagpapainom (ng aming mga hayop) para sa amin." Kaya nang siya ay lumapit sa kanya (sa ama ng dalawang babae) at isinalaysay ang nangyari sa kanya, siya ay nagsabi: "Huwag kang matakot. Ikaw ay nakatakas mula sa mga mamamayan ng Dhalimun (mga mapang-aping tao, walang pananalig at tampalasan).."

At sinabi ng isa sa dalawang babae: "O aking ama! Kuhanin siya (bilang manggagawa)! Katotohanan, ang pinakamabuti sa mga lalaki para gawin mong manggagawa ay ang malakas at ang mapagkakatiwalaan." Siya ay nagsabi: "Ako'y naglalayong ipakasal ang isa sa aking mga anak na babae sa iyo, sa kasunduan na ikaw ay maglilingkod sa akin ng walong taon; nguni't kung ito'y natapos mong gawin ng sampung taon ito ay (bilang kabutihang loob) mula sa iyo. Nguni't hindi ko nais na ikaw ay ilagay sa kahirapan. Kung ito ay mamarapatin ng Allah, ako ay iyong matatagpuan bilang isang matuwid." Siya (si Musa) ay nagsabi: "Ito ay kasunduan sa pagitan natin! Alinman sa dalawang kasunduan ang aking tutuparin, walang di-makatarungan sa akin, at ang Allah ang Siyang saksi sa anumang ating pinag-usapan." (Qur'an 28: 23-28)

Si Salim b. Abdullah (ﷺ) ay nag-ulat na narinig niya si Abdullah b. Umar (رضي الله عنه) na sinabi ni Umar b. Al-Khat'tab (رضي الله عنه) na:

"Nang (ang aking anak) si Hafsa b. Umar ay mabalo kay Khunais b. Hudahaafah as-Sahmi¹⁶ nagkita kami ni Uthman b. Affan at iminungkahi ko na pakasalan niya si Hafsa at sinabi ko; 'Kung gusto mo, ipakakasal ko si Hafsa b. Umar sa iyo,' Dahil doon, ay kanyang sinabi, 'Pag-iisipan ko ito'. Naghintay ako ng ilang panahon at sinabi niya sa akin, 'Sa aking palagay ay hindi muna ako mag-aasawa sa ngayon.' Pagkaraan noon ay nakatagpo ko si Abu Bakr at aking sinabi, 'Kung nais mo, ipakakasal ko sa iyo si Hafsa b. Umar.' Subali't siya ay

¹⁶ Isa siya sa mga Kasamahan ng Sugo (رضي الله عنه) ng Allah na nakipaglaban sa Labanan sa Badr at namatay sa Madinah. (AM)

nanahimik at hindi niya ako sinagot at higit akong nagalit sa kanya kumpara sa galit ko kay Uthman noon. Pagkaraan ng ilang araw, hiningi ng Sugo (سُغُو) ng Allah ang kanyang kamay para pakasalan at ipinakasal ko siya sa kanya. Pagkaraan ng ilang araw, nagkita kaming muli ni Abu Bakr at kanyang sinabi; ‘Marahil ay nagalit ka nang balak mong ipakasal sa akin si Hafsah at hindi ako sumagot sa iyo? ‘Oo’. Iyon ang aking naging tugon. Sinabi ni Abu Bakr, ‘Walang pumigil sa akin upang hindi tanggapin ang iniaalok mo maliban sa Sugo ng Allah(سُغُو) na isinangguni ang tungkol kay Hafsah; at hindi ko nais ipahayag ang lihim ng pagpapahiwatig ng Sugo ng Allah(سُغُو), subali’t kung hindi niya (ang Propeta) tinanggap si Hafsah, katiyakang tatanggapin ko siya.” (Bukhari)

Ikatlong Hakbangin: Ang Kasunduan sa Kasal, Ang Mahar (Dowry), at ang Pag-iisang-Dibdib

Ang Mga Haligi at Unang Kasunduan ng Pag-aasawa:

1. Tinatanggap at sinasang-ayunan ng magkabilang panig ang pagpapakasal. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

“Ang isang nabalong babae o ang diborsiyada (babae) ay hindi dapat (pilitin) ikasal kung hindi niya ito kagustuhan. At ang dalaga ay hindi dapat (pilitin) ikasal kung hindi binibigay ang kapahintulutan. Ang mga Kasamahan ay nagtanong: Paano namin malalaman ang kanyang pagsang-ayon? Ang Propeta(ﷺ) ay sumagot: ‘Kung siya’y nanatiling (ang babae) tahimik, ibig sabihin siya ay pumapayag.’” (Bukhari)

Kung ang babae ay pinilit at hindi sumang-ayon sa pag-aasawa, mayroon siyang karapatang makipaghiwalay. Si Khansaa b. Jidhaam Al Ansaariyah ay nagsabi sa Propeta(ﷺ) na pinilit siyang ipinakasal ng kanyang ama sa isang tao kahit na hindi niya ito gusto, kaya pinawalang saysay ng Propeta(ﷺ) ang kasal nila. **(Bukhari)**

Ang mga pamantayan na may kaugnayan sa pag-iingat ay itinalaga upang mapangalagaan ang pamilya at mapigilan ang pagkalat ng kasamaan sa pamayanan (i.e. manloko sa ibang asawa) na siyang nangyayari kung ang isa sa mag-asawa ay hindi panatag sa isat' isa.

2. Ang tagapangalaga ay kinakailangan upang maging katanggap-tanggap ang pag-aasawa. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

“Walang kasal na katanggap-tanggap malibang ang isa ay may tagapangalaga at may dalawang mapagkakatiwalaang saksi (upang patunayan ang kasalan). Kung naganap ang kasalan na walang tagapangalaga at walang dalawang saksi, ang kasalan ay isang huwad na kasal, at kung magkaroon ng dipagkakaunawaan sa bawat isa, magkagayon, ang hukom ang siyang magiging katiwala ng babae.” (Ibn Hibban)

Ang pag-iingat na ito ay itinalaga upang ang relasyon ng mag-anak ng pamilya ay mapangalagaan at hindi maputol. Karaniwan, ang tagapangalaga ay bihasa at maingat para sa kapakanan ng kanyang mga nasasakupan. Siya ay maaring pumili ng nararapat na lalaki na maghahatid sa kanya ng kaligayahan.

Kapag ang isang babae ay walang lalaking tagapangalaga o kaya'y hindi pumapayag ang kanyang pamilya sa pagpapakasal sa lalaking nararapat sa kanya, ang hukom ang kanyang magiging tagapangalaga. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

“Ang hukom ay ang magiging tagapangalaga ng babae na (mangyaring) walang tagapangalaga.”

Si Ibn Abbas ay nagpaliwanag sa kabanata na ito;

“O kayong nananampalataya! Ipinagbabawal sa inyong manahin ang kababaihan ng labag sa kanilang kalooban; at huwag silang pakitunguhan ng masama, dahil nais ninyong makuha ang bahagi (ng Mahar) ng dote na inyong ibinigay sa kanila, maliban lamang kung sila’y nagkasala ng lantarang pangangalunya, at pakisamahan sila ng marangal. Kung sila’y hindi ninyo kinalulugdan, maaaring hindi ninyo kinalulugdan ang

isang bagay na sa pamamagitan nito’y magbibigay ang Allah ng isang masaganang kabutihan.” (Qur’an 4:19)

Noong panahon ng kamangmangan, kapag namatay ang lalaki, ang kanyang tagapangalaga ang siyang may karapatang magmana sa kanyang asawa; kung sinuman ang gustong ipakasal sa kanya ay maaari siyang ipakasal, o kaya naman ay hindi siya papayagang mag-asawa, kaya’t ipinahayag ng Allah(ﷻ) ang talatang ito.

3. Kung ang magkabilang panig ay nagkasundo, itinalagang tungkulin ng lalaki na magbigay ng dote (dowry). Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi;

At ipagkaloob sa kababaihan (na inyong pakakasalan) ang kanilang dote ng taus-puso, nguni’t kung kusang-loob nilang ibalik sa inyo ang anumang bahagi nito, ito ay inyong tanggapin at ikasiya ito ng walang pangamba sa anumang kamalian. (Qur’an, 4:4)

Ang Mahar (dote) ay dapat makatarungan. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

“Ang palatandaan sa Barakah (kabutihan) ng isang babae ay kung magaan ang hiningi sa oras ng kasunduan (sa pag-aasawa), sa dote at sa kanyang panganganak”. (Haakim)

Si Umar Bin Khattab (رضي الله عنه), ang pangalawang ‘Khalifah’, ay nagsabi;

“Huwag magmalabis sa paghingi ng dote (para sa babae). Kung may mga karangalang makukuha (sa mundong ito) o kaya ay pamamaraan sa kabanalan, ginawa na sana ito ng Sugo ng Allah(ﷻ) . Hindi

nagbigay ang Propeta(ﷺ) sa alin man sa kanyang mga naging asawa o kumuha sa kanyang mga anak ng higit sa halaga ng labing dalawang ‘Ooqiyah’¹⁷. (Tirmidhi, Abu Dawood at Ibn Majah)

Anuman ang mga kondisyong nakasulat sa kontrata ng kasalan, nararapat nila itong isakatuparan at ang mag-asawa ay kailangang sundin ito. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi;

“Ang pinakamakatarungang kondisyon na dapat unang matugunan ay ang mga may kaugnayan sa pag-aasawa”.
(Bukhari)

Upang maipalaganap ang kaligayahan, nararapat na anyayahan ang mga kamag-anak at mga kaibigan ng mga ikinakasal. Ang layunin nito ay ipabatid sa madla ang kasalan.

Si Anas b. Malik ay nagsabi na si Abdurrahman b. Auf ay nagpunta sa Madinah mula sa Makkah at ang Propeta(ﷺ) ay gumawa ng buklod ng pagkakapatiran nina Abdurrahman b. Auf at si Sa’d b. Ar-Rabi Al-Ansari. Si Al-Ansari ay mayroon dalawang asawa, kaya nagmungkahi si Al-Ansari na kumuha ng kalahati mula sa kanyang mga asawa at mga pag-aari. Si Abdurrahman ay sumagot; ‘Pagpalain ka nawa ng Allah sa iyong asawa at mga pag-aari’. Nakisuyo si Abdurrahman na ituro sa kanya ang daan patungong pamilihan. Pumunta si Abdurrahman sa palenke at bumili siya ng tuyong gatas at kaunting mantikilya. Pagkaraan ng ilang araw ay nakita ng Propeta(ﷺ) si Abdurrahman(ﷺ) na mayroong dilaw na dagta sa kanyang damit at tinanong, ‘Ano iyan o Abdurrahman (ﷺ)?’ Siya ay sumagot; ‘Pinakasalan ko ang isang babaeng Ansar.’ Tinanong siya ng Propeta(ﷺ), ‘Magkano ang dowry (dote) na

¹⁷ Ang isang ‘Ooqiyah’ ay kasing halaga ng 40 pilak na ‘Dirham’, kaya’t ang 12 Ooqiyah ay nagkakahalaga ng 480 pilak na Dirham (AM)

ibinigay mo? Siya ay sumagot; ‘Kasing-bigat ng isang pirasong datiles na ginto. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi;

“Maghanda ng ‘Walimah’ (handaan sa kasalan) kahit isang tupa lamang”. (Bukhari)

Hindi dapat mag-aksaya at magmalabis (sa gastusin) sa handaan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

“Katotohanan, ang taong mapaglustay (ng walang kabuluhan) ay kapatid ng mga demonyo at ang demonyo (si Satanas) ay walang pasasalamat sa kanyang Panginoon”. (Qur’an 17:27)

Kailangang dumalo ang isang tao kapag siya ay inanyayahan sa kasalan, malibang siya ay may katanggap-tanggap na dahilan. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

“Sinuman ang inanyayahan sa handaan sa kasalan, siya ay dapat dumalo.” (Bukhari)

Ang mga taong dumalo sa pagtitipon ng kasalan ay nararapat na ipanalangin ang mga ikinasal (nag-anyaya) tulad ng ‘Hadeeth’ ng Propeta(ﷺ);

‘Al’laahum’magh fir la-hum wur-ham-hom wa baarik la’hom fee’maa razaqtahom’

Ang kahulugan ay:

“O Allah! patawarin Mo sila, kalugdan Mo sila at pagpalain sila sa mga ipinagkaloob Mo sa kanila.” (Ibn Hibban)

Ang mga panauhin ay nararapat ding manalangin sa Allah(ﷻ) para sa mag-asawa:

***‘Baarakal-laaho laka wa baaraka alaika wa ja’ma’a
bainakoma fee khair’***

Ang kahulugan ay;

***“Pagpalain nawa kayong dalawa ng Allah at ipagkaloob
nawa sa inyo ang mga mabubuting bagay”. (Haakim)***

Ang paggamit ng tambol (duff) at ang mga awiting hindi nakakaakit sa sekswal na hangarin ng isang tao ay ipinapahintulot sa mga babae sa ganitong pagtitipon upang maipahayag ang kasalan.

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi kay A'ishah (رضي الله عنها) noong itinalaga niya ang isang babae na magpakasal sa isang Ansaar.

***“O A'ishah ! Nasiyahan ka ba (habang ginaganap ang
kasalan) dahil kaibig-ibig sa mga ‘Ansar’ ang
kasiyahan.” (Bukhari)***

Mga Kaugalian sa Gabi ng Kasal

Kapag ang mag-asawa ay nagtagpo sa unang pagkakataon, ang lalaking ikinasal ay pinapayuhang maging maginoo sa paglapit at makipag-usap sa paraang kalugod-lugod sa kanyang asawa, upang simulan ang magandang relasyon at mawala ang nadaramang takot at pagkabahala.

“Si Asmaa bint. Yazeed b. As-Sakan, kalugdan nawa siya ng Allah, ay nagsabi; ‘Inihandá ko si A’ishah para sa Sugo ng Allah(ﷺ)’ at tinawag ko ang Sugo(ﷺ), siya ay pumasok at umupo sa tabi ni A’ishah. Isang pitsel ng gatas ang ibinigay sa kanya, at siya ay uminom mula rito, at ibinigay kay A’ishah. Ibinaba niya ang kanyang ulo dahil siya ay nahihya. Si Asmaa ay nagsabi; ‘Pinagsabihan ko A’ishah at sinabi ko: ‘Kunin mo sa kamay ng Propeta(ﷺ)!’ Kinuha niya ito at uminom siya mula rito. Pagkatapos sinabi ng Propeta(ﷺ) sa kanya, ibigay mo sa iyong mga kasama.’ Sinabi ni Asmaa; ‘O Sugo ng Allah(ﷺ), kunin mo muna at uminom ka mula rito, at iabot mo sa akin.’ Kinuha ng Propeta(ﷺ) at uminom siya rito at ibinigay sa akin. ‘Ako ay umupo at pinaikot ko ang lalagyan upang makainom ako sa lugar mismo ng pinag-inuman ng Propeta(ﷺ). At sinabi niya; ‘Ibigay mo sa kanila.’ (i.e. Sa ibang kababaihan na kasama ko). Sila ay nagsabi; ‘Hindi namin nagugustuhan iyan.’ Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi; ‘Huwaḡ kayong magtipon sa gitna ng pagkagutom at kasinungalingan.” (Ibn Majah)

Iniulat din sa mga *Sunnah* na nararapat mag-alay ng panalangin ang lalaki habang hawak ang ulo ng babaeng pinakasalan at manalangin sa Allah(ﷻ), gaya ng naiulat sa isang Hadeeth:

***“Al’lahum’ma in’nee asa’loo-ka khai’raha wa khair
maa jo’be’lat alaih wa a’oodthu be’ka min shar’re’haa
wa shar’ree maa jo’be’lat alaih..”***

Ang kahulugan ay;

***“O Allah! Ako ay nagsusumamo sa Iyo (na ipagkaloob
Mo sa akin) ang pinakamabuti sa babaeng ito at ang
pinakamaganda sa kanyang pag-uugali. O Allah!
Nagpapakupkop ako sa Iyo mula sa lahat ng kasamaan
at sa kanyang di-magandang pag-uugali”. (Bukhari).***

Ang Paglalambingan ng Mag-asawa

Isinasaalang-alang ng Islam na likas sa isang tao ang paghahanap ng sekswal na pagnanasa, na nararapat na maisakatuparan sa maayos at sumusunod sa mga batayan at regulasyon. Ang layunin ng kasal sa mag-asawa ay hanapin ang kaginhawahan at katatagang pang-espiritwal ng bawat isa.

“At ang Kanyang mga Tanda ay nang nilikha Niya para sa inyo ang inyong mga asawa mula sa inyong mga sarili, upang inyong matagpuan ang katiwasayan sa kanila, at Kanyang inilagay sa pagitan ninyo ang pag-ibig at awa. Katotohanan, naririto ang mga Tanda para sa mga taong nag-iisip.” (Qur;an 30:21)

Ang pag-aasawa ay pinahahalagahan sa Islam, si Jabir b. Abdullah ay nagsabi; ‘Ang aking ama ay namatay at naiwanan ang pito o siyam na babae (mga anak) at ako ay nag-asawa ng isang matanda’. Sinabi ng Propeta(ﷺ):

“O Jabir, ikinasal ka na ba?” Sumagot si Jabir ng pagsang-ayon. At siya’y tinanong muli; ‘Siya ba ay isang birhin o matanda na? Sinabi ni Jabir na ang kanyang napangasawa ay isang matanda. Nagbigay ng puna ang Propeta(ﷺ) ng Allah at nagsabi; bakit hindi ka pumili ng isang birhin ng sa gayon ay lagi kayong nagkakatuwaan.’ Sinabi ni Jabir; ‘Si Abdullah (ang ama ko) ay nag-iwan ng mga kababaihan, at ayokong mag-asawa ng kagaya nila, kaya ako ay nag-asawa ng matanda upang sila ay kanyang mapangalagaan.’ Dahil doon ang Sugo ng Allah(ﷻ) ay nagsabi; ‘Pagpalain ka nawa ng Allah.” (Bukhari)

Ang paglalambingan sa pagitan ng mag-asawa ay mahalagang bagay, dahil dito ay yumayabong at nadaragdagan ang kanilang pagmamahalan, pagtitinginan at pagmamalasakit sa isa't isa. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi;

“Ang lahat ng bagay maliban sa pag-alaala sa Allah ay pawang kasiyahan at walang katuturan maliban sa apat na bagay: ang pakikipagbiro ng lalaki sa kanyang asawa, ang pagsasanay ng kanyang kabayo, ang paglalaro ng palaso, at ang pag-aaral ng paglangoy.”
(Saheeh al-Jami as-Saghir)

Sa katunayan, hinihimok ng Islam ang pagiging maayos ng bawat isa. Nararapat na panatilihin ang kalinisan sa kanilang mga sarili, paglalagay ng pabango at maayos na pananamit. Sapagka't ito'y makatutulong upang payabungin ang pagmamahalan sa bawat isa. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

“Katotohanan ang Allah ay maganda at nais Niya ang kagandahan”. (Muslim)

“Si Na’fi’, kalugdan nawa siya ng Allah ay nagsabi na si Abdullah b. Umar (رضي الله عنه) ay laging nagpapabango ng purong ‘Ood’ at ‘Ood’ na may halong kampo, at sinabi niya; ‘Ganito ang ginagawang pagpapabango ng Propeta(ﷺ) ng Allah”. (Muslim)

“Si A’ishah, kalugdan nawa siya ng Allah, ay nagsabi; ‘Lagi kong nilalagyan ng pabango ang Propeta(ﷺ) sa pinakamagandang pabangong binili niya, at dahil dito nakikita ko ang liwanag sa kanyang ulo at balbas.”
(Bukhari)

Si Ibn Abbas ay nagsabi; ‘Ako ay nagpapapogi para sa aking asawa, gaya ng pagpapaganda niya para sa akin. Hindi ko

hinihingi ang lahat ng mga karapatan ko sa kanya, dahil baka hindi ko maibigay sa kanya ang lahat ng kanyang mga karapatan, dahil sinabi ng Allah(ﷻ):

“...At sila (ang kababaihan) ay mayroong karapatan (sa kanilang asawa na sila ay pangalagaan, katulad ng gastusin sa bahay) gayundin naman (ang kalalakihan) sa kanilang pakikitungo (sa pagsunod at paggalang sa mga babae) sa kanila...”. (Qur’an 2:228)

Mga Uri ng Paglalambingan sa Pagitan ng Mag-asawa

A. Sa Higaan

Ang mag-asawa ay pinapayagang maghubad sa harapan ng bawat isa, at kapwa sila pinahihintulutang pagmasdan ang kanilang mga sarili. Si Bahz b. Hakeem ay nagsabi na ang kanyang ama ay nag-ulat na sinabi ng kanyang lolo na:

“O Sugo ng Allah(ﷻ)! Hanggang saan natin pangangalagaan ang maselang bahagi ng ating katawan? Ang Sugo ng Allah(ﷻ) ay nagsabi; ‘Pangalagaang lubos ang pribadong bahagi ng inyong katawan¹⁸ maliban sa inyong asawa at sa mga nasa ilalim ng pamamahala ng inyong kanang kamay.’ Tinanong niyang muli ang Propeta(ﷺ): ‘Kung sakali ang mga tao ay nagtipon-tipon sa isang lugar?’ Sinabi ng Propeta(ﷺ); ‘Kung maaari mong pangalagaan mula sa paningin ng iba (ang asawa), kailangan mong gawin. Nagtanong akong muli; ‘O Sugo ng Allah(ﷻ); ‘Kung sinuman sa atin ang nag-iisa?’ Sinabi ng Propeta(ﷺ): ‘Dapat lalong mahiya sa Allah ang isang tao kaysa kung siya ay nasa maraming tao.’ (Abu Dawood)

Ang mag-asawa ay maaaring magpakaligaya sa anumang paraang kanilang naisin, habang ang lalaki ay ginagamit ang tamang lugar sa kanilang pagtatalik (sa mismong maselang bahagi ng kanyang asawa at hindi sa likuran).

¹⁸ Sa lahat ng Oras. (AM)

Inilahad ni Ibn Abbas na si Umar b. al-Khattab(ﷺ) ay lumapit sa Propeta(ﷺ) at nagsabi; ‘O Propeta ng Allah(ﷺ), nagkasala ako ng malaki!’ At ang Propeta(ﷺ) ay nagtanong bakit niya ito nasabi. Sinabi ni Omar (رضي الله عنه), ‘Ginamit ko ang aking asawa kagabi sa naiibang paraan!’¹⁹ Hindi nagpahayag ng puna ang Propeta(ﷺ) sa kanya, datapwat sa sandaling iyon bumaba ang rebelasyon mula sa Allah(ﷻ),

“Ang inyong mga asawa ay isang taniman para sa inyo, kaya’t lapitan ang inyong mayamang taniman sa anumang paraan na inyong naisin, kung kailan at kung paano ninyo ibig...” (Qur’an 2 :223)

Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi;

“Makipagniig sa inyong mga asawa sa anumang paraang inyong naisin habang ito’y isinasagawa sa maselang bagahi ng kanyang katawan at siya ay walang buwanang dalaw”. (Tirmidhi)

Ang Hadeeth na ito ay hindi nangangahulugang kinakailangang lumayo ang lalaki sa kanyang asawa, at iwasang kumain at uminom na kasama niya kapag siya’y mayroong buwanang dalaw. Si A’ishah (رضي الله عنها) ay nag-ulat;

“Nang ako ay may buwanang dalaw, uminom ako sa isang kupita at ang Propeta(ﷺ) ay uminom din sa mismong lugar na aking pinag-inuman. At kumain ako ng karneng nasa buto, at ang Propeta(ﷺ) ay kumain din sa mismong lugar (na aking kinainan)”.

¹⁹ i.e. Ginamit niya ang kanyang asawa ng patalikod, subali’t ito ay sa tamang maselang bahagi ng katawan. (AM)

Gayunpaman, sinuman ay maaaring magpakaligaya sa piling ng kanyang asawa habang siya'y mayroong buwanang dalaw, subali't kailangang iwasan niya ang pakikipagtalik sa kanya. Si Anas bin Malik (ؓ) ay nagsabi, 'Kapag ang babaeng Hudyo ay may regla, (ang asawa) ay hindi sasabay sa pag-inom at pagkain sa kanya, at hindi siya lalapitan kung sila ay nasa kanilang pamamahay. Ang mga Kasamahan ng Propeta(ﷺ) ay nagtanong tungkol dito, at ang Allah(ﷻ) ay nagpahayag;

"Ang inyong mga asawa ay isang taniman para sa inyo, kaya't lapitan ang inyong mayamang taniman sa anumang paraan na inyong naisin, kung kailan at kung paano ninyo ibig, at magbigay [ng mga mabuting gawain, o manalangin sa Allah na pagkalooban kayo ng mabuting mga supling)] para sa inyong mga sarili. At matakot sa Allah at alalahanin na Siya ay inyong makakaharap (sa Kabilang Buhay), at magbigay ng magagandang balita sa mga mananampalataya".
(Qur'an 2:223)

Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi;

"Magpakaligaya kayo sa inyong mga asawa (sa panahon ng pagreregla) subali't iwasan ang aktuwal na pakikipagtalik". (Muslim)

Nang marinig ito ng mga Hudyo (pahayag sa itaas) ay kanilang sinabi: 'Ang taong ito ay nais na maiba sa atin sa lahat ng bagay!'

Si Usaid b. Hudhair at si Ab'baad b. Bishr ay nagbalita sa Propeta(ﷺ) kung ano ang sinasabi ng mga Hudyo, at sinabi; 'Hindi ba tayo maaaring makipagniig sa ating asawa habang sila ay may buwanang dalaw?' (Nang marinig ng Propeta(ﷺ), ang Propeta(ﷺ) ay nagalit, at

ang dalawa niyang Kasamahan ay umalis. May isang nagbigay ng gatas bilang regalo sa Propeta(ﷺ) at tinawag silang pabalik, upang ang mga Kasamahan ay hindi mag-isip na siya ay galit sa kanila.” (Muslim & Abu Dawood)

Inulat ni Jabir na ang mga Hudyo ay nagsabi; **‘Kung ang isang lalaki ay nakipagniig sa kanyang asawa mula sa likod (nguni't sa maselang bahagi ng kanyang katawan) ang batang isisilang ay magiging duling.’** Kaya ang Allah(ﷻ) ay nagpahayag ng;

“Ang inyong mga asawa ay isang taniman para sa inyo, kaya’t lapitan ang inyong mayamang taniman sa anumang paraan na inyong naisin, kung kailan at kung paano ninyo ibig...” (Qur’an 2 :223)

Magkaganon, sinabi ni Jabir;

“Kung gusto ng isang lalaki ay maaari siyang makipagniig sa kanyang asawa sa kahit na anong paraang kanyang maibigan, habang nakikipagtalik siya sa maselang bahagi ng katawan ng kanyang asawa.” (Muslim)

Isang Sunnah na bigkasin ang Pangalan ng Allah(ﷻ) bago lumapit ang isang lalaki sa kanyang asawa upang makipagniig, at manalangin na kagaya ng naiulat sa Hadeeth;

Kung sinuman ang nais makipagtalik sa kanyang asawa ay pinapaalalahanang bigkasin ang ganitong panalangin:

‘Bismillah, Al’laahum’ma jan’nib’nash-shaitan wa jan’nib ash-Shaitan maa razaqtana.’

Ang Kahulugan ay:

Ako ay nagsisimula sa Pangalan ng Allah...‘O Allah! Kalingain Mo kami at ilayo Mo kami kay Satanas’. Kung ang mag-asawa ay nagkaanak bunga ng pagniniig na ito, sa kagustuhan ng Allah, ang kanilang anak ay hindi mapipinsala ni Satanas”. (Bukhari)

Nararapat ding lambingin ng lalaki ang kanyang asawa sa pamamagitan ng banayad na paghaplos at matatamis na halik upang pukawin ang kanyang damdaming sekswal. At kailangan niyang hintaying maging ganap ang kasiyahang sekswal ng kanyang asawa bago matapos ang kanilang pagniniig. Inulat ni Anas (ﷺ) na ang Sugo ng Allah(ﷻ) ay nagsabi:

“Kapag ang lalaki ay nakikipagtalik sa kanyang asawa, kailangan niyang maging matapat sa kanya. Kung nauna siyang nasiyahan sa kanyang asawa, kinakailangan niyang hintayin hanggang tuluyang masiyahan ang kanyang asawa ”. (Abu Ya’la)

Si Umar bin Abdulaziz (ﷺ) ay nag-ulat na sinabi ng Propeta(ﷺ):

“Huwag kaagad makipagtalik sa inyong asawa. Hintaying mapukaw ang kanyang damdaming sekswal tulad ng inyong nararamdaman.” Isang lalake ang nagtanong: O Propeta ng Allah(ﷻ)! Ano ang nararapat kong gawin (upang ito’y aking makamtan?) Siya(ﷺ) ay sumagot: ‘Halikan siya, haplusin siya, at sikaping mapukaw ang kanyang damdaming sekswal. Kapag naramdaman mong handa na siya tulad ng iyong

***nadarama, magkagayon, simulan ang pakikipagtalik sa kanya."* (Al-Mughni)**

Karagdagan dito, isang gawain din bilang ‘Sunnah’ kung ang lalaki ay naghahangad na makipagtalik muli sa kanyang asawa, nararapat siyang maligo o maglinis, tulad ng paghuhugas bago magdasal (Salah). Iniulat na sinabi ng Propeta(ﷺ) ang;

***"Kapag ang isang lalaki ay nakipagtalik sa kanyang asawa at pagkaraan ay nais niya itong isagawang muli, kailangan niyang magsagawa ng wudhu".* (Iniulat ni Imam Muslim)**

Ang gawaing ito ay dalisay at mas mainam upang pangalagaan ang kalinisan at nagdudulot ito sa isang tao ng panibagong lakas at hangarin sa kanyang pagnanasang sekswal.

B. Sa Paliligo

Ang paglalalambing ng sinuman sa kanyang asawa ay hindi lamang nakakamit sa tulugan o higaan. Ang kaligayahan sa asawa ay maaaring matamo anumang oras kung nakatitiyak na ang lugar ay ligtas at napapangalagaan.

Si A'ishah (رضي الله عنها) ay nagsabi;

"Ang Propeta ng Allah(ﷺ) at ako ay naligo sa iisang lalagyan ng tubig. Siya(ﷺ) ay nagmadaling gumamit ng tubig at aking sinabi sa kanya, 'Tirhan mo ako! Tirhan mo ako!' (Muslim)

C. Sa Loob ng Bahay

Minsan, tinanong si A'ishah (رضي الله عنها):

"Ano ang ginagawa ng Propeta ng Allah(ﷺ) sa pagpasok niya sa inyong tahanan? Siya ay sumagot: 'Gumagamit

siya ng Siwak, maaaring upang linisin niya ang kanyang bibig bago hagkan at yakapin ang kanyang pamilya.'

Si A'ishah (رضي الله عنها) ay nagsabi;

“Hinalikan ng Propet(ﷺ) ng Allah ang isa sa kanyang mga asawa at tumuloy sa Masjid upang mag-salah (dasal) at hindi siya nagsagawa ng ‘wudhu’. (Ahmed)

D. Sa Labas ng Bahay

Tulad ng unang nabanggit, ang kasiyahan sa pagitan ng mag-asawa ay pinahihintulutan sa anumang oras at mga lugar kung nakatitiyak na ang lugar ay ligtas at pribado. Walang dapat makakita sa mag-asawa sa oras ng kanilang paglalambingan at hindi nila maaaring gawin ito sa harap ng publiko. Si A'ishah (رضي الله عنها) ay nagsabi;

“Noong ako ay bata pa, bago ako naging mataba, ang Propeta ng Allah(ﷺ) at ako ay nasa isang paglalakbay. Pinauna niya ang aming mga Kasamahan at hinamon niya ako ng takbuhan nguni't tinalo ko siya. Pagkaraan noon ang Propeta ng Allah(ﷺ) ay hindi na nagyayang makipaghabulan sa akin. Sa paglipas ng panahon, tumaba na ako at nakalimutan kong tinalo ko siya minsan sa takbuhan. Sa pagkakataong kami ay nasa isang paglalakbay muli, pinauna na naman niya ang aming Kasamahan at hinamon niya akong muli ng takbuhan. Sinabi ko sa kanya; Propeta ng Allah(ﷺ)! Papaano ako makikipaghabulan sa iyo ngayong mabigat na ako? Kanyang(رضي الله عنها) sinabi: 'Magagawa mo iyan.' Naghabulan kami nguni't tinalo niya ako sa pagkakataong iyon. Kanyang(رضي الله عنها) sinabi: 'O A'ishah ang panalo (aking panalo) sa pamamagitan ng panalong iyan

(ay para sa'yo) sa karerang ito. (As-Silsilah as-Sahhehah)

Mahigpit na ipinagbabawal na ipamalita o ibunyag ang mga lihim ng mag-asawa o kaya'y pag-usapan ang mga bagay na ginagawa sa pagitan ng mag-asawa sa loob ng pribadong lugar. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi;

“Ang pinakamalaking pagtataksil sa Araw ng Pagbabangong Muli ay kung ang isang lalaki na pagkatapos gawin ang lahat ng nais niya sa kanyang asawa, at nakipag-ulayaw (ang asawa) at nasiyahan sa pakikipagngiig ang lalaki, at pagkaraan ay ipinamalita sa ibang tao ang ginawa sa kanyang asawa!” (Muslim)

Upang maipagpatuloy ang magandang pagsasama ng mag-asawa, ang Islam ay nagtatag ng mga alituntunin at karapatan ng bawat isa (mag-asawa). Ito ang nangangalaga sa katatagan ng pamilya at sa kanilang kinabukasan. Kinakailangan maunawaan at malaman ng mag-asawa ang kanilang tungkulin sa bawat isa.

Ang mga Karapatan ng Babae sa Kanyang Asawa

Nararapat lamang na ipakita natin ang mga katibayan mula sa Banal na Qur'an at sa mga 'Hadeeth' ng Propeta ng Allah(ﷺ) upang maipaliwanag ang mga karapatan ng babae sa kanyang asawa;

1. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi ;

"At pakisamahan sila ng marangal. Kung sila'y hindi ninyo kinalulugdan, maaaring hindi ninyo kinalulugdan ang isang bagay na sa pamamagitan nito'y magbibigay ang Allah ng isang masaganang kabutihan" (Qur'an 4:19)

2. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

"...At sila (ang kababaihan) ay mayroong karapatan (sa kanilang asawa na sila ay pangalagaan, katulad ng gastusin sa bahay) gayundin naman (ang kalalakihan) sa kanilang pakikitungo (sa pagsunod at paggalang sa mga babae) sa kanila..." (Qur'an 2:228)

3. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi;

"Ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti para sa kanyang pamilya". (Ibn Majah)

4. Si Hakeem b. Mu'awiyah al-Qushairi ay nag-ulat na sinabi ng kanyang ama;

'O Sugo ng Allah(ﷻ), 'Ano ang karapatan ng isa sa aming mga asawa mula sa amin? Siya (ﷺ) ay nagsabi:

‘Pakainin at damitan siya tulad ng pagdadamit at pagpapakain sa kanyang sarili. Huwag mo siyang saktan sa mukha, at huwag kang magsabi ng masama at kabastusan sa kanya. Maaari mo siyang talikuran sa kanyang kama (at huwag siyang ipagtabuyan sa ibang bahay)’. (Abu Dawood)

5. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

“Ang pinakamabuting mananampalataya ay ang may pinakamagandang pag-uugali, at ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa kanyang pamilya”. (Ibn Hibban)

6. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi;

“Matakot sa Allah, at maging maalalahanin sa Kanya tungkol sa kababaihan. Sila ay inyong pinili dahil sa inyong pananalig (na ipinagkaloob sa inyo) mula sa Allah, at lapitan sila sa pamamagitan ng salita ng Hindi niya maaaring pahintulutan ang sinumang ayaw mong papasukin sa inyong tahanan maging lalaki o babae, at kung ginawa nila ito, magkagayon sila ay saktan (ng bahagya ng hindi sila napipinsala). At (ang kababaihan) sila ay may karapatan [mula sa kanilang asawa (tungkol sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay)] katulad ng mga (karapatan ng mga lalaki sa kanilang asawa kaugnay sa pagsunod at paggalang) karapatan sa kanila kung ano ang nararapat.’ (Muslim)

7. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi;

²⁰ Ang mga Salita ng Allah ay tumutukoy sa talata ng Allah; “...magkagayon kayo ay magsipag-asawa ng ibang kababaihan na inyong mapusuan, dalawa, o tatlo o apat...” (Qur’an 4:3)

“Huwag hayaan ang isang mananampalatayang lalake na tuluyang kamuhian ang isang mananampalatayang babae, sapagka't kung mayroon man siyang kinamumuhian dito, maari rin namang mayroong siyang nagugustuhan sa ibang ugali nito”. (Muslim)

Katotohanan, ang Ganap na Kadakilaan at Kaganapan ay nasa Allah(ﷻ) lamang.

Ang Mga Karapatan ng Lalaki sa Kanyang Asawa

1. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi tungkol sa mga matatapat na babae:

“...Ang mga matatapat na kababaihan ay ganap na sumusunod (sa Allah at sa kanilang mga asawa), na nangangalaga sa panahon na wala ang (kanilang asawa) at kung ano ang ipinag-uutos ng Allah na dapat nilang bantayan (tulad ng kalinisan ng kanilang pagkababae at mga ari-arian ng kanilang asawa)...”. (Qur’an 4 :34)

2. Iniulat ni A'ishah (رضي الله عنها), aking tinanong ang Propeta(ﷺ):

“Sino ang mayroong higit na karapatan sa isang babae? Sumagot ang Propeta(ﷺ); ‘Ang kanyang asawa’. Nagtanong akong muli; ‘Sino naman ang mayroong higit na karapatan sa isang lalaki? Sumagot ang Propeta(ﷺ); Ang kanyang ina”. (Haakim)

3. Sinabi ni Husain b. Muhsan (رضي الله عنه) na ang kanyang tiyahin ay nagsabi;

Ako ay lumapit sa Sugo ng Allah(ﷻ) at nagtanong tungkol sa isang bagay. Pagkaraan noon tinanong niya (ﷺ) ako; ‘Mayroon ka bang asawa? Ako ay sumagot ng pagsang-ayon. Tinanong niya ang babae; ‘Papaano mo pinakikitunguhan ang iyong asawa?. Sumagot siya; ‘Ginagawa ko ang lahat ng aking makakaya hangga’t hindi ko na kaya’. Ang Propeta(ﷺ) ay nagpayo; ‘Pangalagaan mo siya dahil nakasalalay sa kanya ang iyong ‘Paraiso o Impiyerno’. (Haakim)

4. Sinabi rin ng Propeta ng Allah(ﷺ):

“Kung ginagawa ng babae (asawa) ang kanyang limang beses na pagdarasal (Salah), isinasaalang-alang ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan, pinangangalagaan ang kanyang katawan at sinusunod ang kanyang asawa, siya ay bibigyan ng karapatang pumili kung saan niya nais pumasok sa mga pintuan ng Paraiso”. (Ibn Hibban)

5. Si Mua’adhd b. Jabal ay nagsabi na siya ay pumunta sa Shaam at nakita niya ang mga Kristiyanong nagpapatirapa sa kanilang mga Pari at mga Pastor. Nakita rin niya ang mga Hudyo na nagpapatirapa sa kanilang mga Ministro at mga Paham. Tinanong sila; ‘Bakit ninyo ginagawa ito? Sila ay nagsabi; ‘Ito ang pagbati na nauukol sa mga Propeta(ﷺ).’ Siya ay nagsabi; ‘Ang aming Propeta(ﷺ) ay higit na nararapat sa ganitong karangalan! Sa gayon ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi;

“Sila ay naglubid ng kasinungalingan laban sa kanilang mga Propeta kagaya ng kanilang pagwasak sa kanilang mga aklat; kung aking ipag-uutos sa inyo na magpatirapa sa sinuman sa inyo, uutusan ko ang babae na magpatirapa sa kanyang asawa, dahil sa mga karapatan na nararapat niyang panagutan. Ang babae ay hindi makakatikim ng tamis ng pananampalataya hangga’t hindi niya napupunan ang karapatan ng kanyang asawa.” (Haakim)

Ang Diborsyo sa Islam

Isinasaalang-alang sa Islam ang pag-iisang dibdib bilang isang sagrado at banal na ritwal. Sa dahilang ang Islam ay mahigpit na naglalayon upang maging matibay at mapalakas ang ugnayan ng mag-asawa. Inilarawan ng Allah(ﷻ) ang kontrata ng kasal bilang isang matatag at matibay na kasunduan.

“At paano nga ba ninyo babawiin (kuhaning muli) ito sa kanila samantalang kayo ay nagtalik na sa isa’t-isa, mula sa inyo ay tumanggap na sila, ang isang matatag at matibay na kasunduan (ng kasal)?” (Qur’an 4:21)

Ang mga sinabi ng Propeta(ﷺ) ay nagpapatunay sa kahalagahan ng bagay na ito. Siya ay nagsabi:

“Hindi maituturing na siya ay nabibilang sa atin (bilang Muslim), ang lalaking nagtaboy sa kanyang asawa o sa aliping babae mula sa kanyang asawa o amo”. (Saheeh al-Jami as-Saghir)

Bagama’t ang pag-iisang dibdib ay isang biyaya at pinahahalagahan sa Islam, ang diborsyo ay itinuring na makatarungan at naaayon sa batas, gayunpaman, inilarawan ng Propeta(ﷺ) ang diborsyo ng ganito;

“Ang isang bagay na kinasusuklaman ng Allah kahit na ito ay naaayon sa batas ay ang diborsyo”. (Haakim)²¹

Kapag ang pagsasama ng mag-asawa ay hindi na maaaring magpatuloy, tanging diborsyo ang nalalabing lunas para rito, upang mapangalagaan ang paglaganap ng kasamaan sa pamayanan, tulad halimbawa ng pangloloko ng isang lalake sa

²¹ Ang Hadeeth na ito ay mahina, sapagka’t ang sabi ng Allah (ﷻ); *“At kung sila ay magpasya sa pakikipaghiwalay (diborsyo), kung gayon, ang Allah ang lubos na Nakakarinig at Ganap na Nakakabatid ng lahat ng bagay.” (Qur’an 2:227)* Mapapagtanto natin mula sa bersikulong ito na maaaring makipaghiwalay (diborsyo) kung kinakailangan. (AM)

kanyang asawa gayundin naman sa kanya. Pinangangalagaan nito ang pagbabago ng angkan, alitan sa mga mamamahin, at pagkalat ng kasamaan sa lipunan. Ang diborsyo ay nakapaloob sa mga itinakdang hangganan, upang ito ay hindi abusuhin ng may kakaunting kaalaman. Nilinaw ng mga paham na Muslim na ang diborsyo ay nakapaloob sa mga sumusunod na mga alituntunin:

1. ***Waajib*** (Itinakda); Ito ay itinakda ayon sa mga sumusunod na kalagayan:

a) Kung ang dalawang hukom (ang isa ay mula sa pamilya ng babae at ang isa ay mula sa pamilya ng lalaki) ay nagpasiya na sila ay nararapat maghiwalay. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi;

“Kung kayo ay nangangambang ang pagpapabaya (o di-pagtupad) ay maaaring maganap sa pagitan ng mag-asawa, magtalaga ng mamamagitan, isa mula sa kamag-anak ng lalaki at isa mula sa kamag-anak ng babae. Kung kapwa nila hinahangad ang kapayapaan, idudulot ng Allah ang kanilang pagkakasundo. Katiyakan, ang Allah ang Lubos na Maalam, ang Nakababatid sa lahat ng bagay”. (Qur’an 4:35)

b) Kapag ang isang babae ay hindi ipinamumuhay ang katuruan ng Islam, o kaya siya ay hindi malinis. Ito ay ipinatutupad din sa lalaki, upang ang babae ay makapaghain ng pakikipaghiwalay sa kanyang asawa kung siya ay hindi sumusunod sa katuruan ng Islam o hindi malinis.

c) Kung ang lalaki ay sumumpang hindi makikipagniig sa kanyang asawa, at hindi siya lumapit sa kanyang asawa ng mahigit apat na buwan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi;

“Yaong nagtakda ng panunumpa na sila ay hindi magkakaroon ng pakikipagtalik sa kanilang mga asawa

ay nararapat na maghintay ng apat na buwan, kung sila ay nagsibalik (nakipagkasundong muli sa loob ng panahong ito) katotohanan, ang Allah ay Lagi nang Mapagpatawad, ang Maawain.” (Qur’an 2:226)

Si Ibn Umar (رضي الله عنه) ay nagsabi;

Kung natapos na ang itinakdang panahon, magkagayon ang lalaki ay maaaring panatilihin ang kanyang asawa sa mainam na paraan o kaya’y hiwalayan siya ayon sa ipinag-utos ng Allah.” (Bukhari)

2. **Makrooh** (Hindi kapuri-puri); Ito ang kalagayan kapag ang isang lalaki ay nakipaghiwalay sa kanyang asawa ng walang sapat na dahilan. Ito ang sinisikap gawin ni ‘Iblis’ (Satanas), nawa’y isumpa siya ng Allah(ﷻ). Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi;

“Inilagay ni Iblis (Satanas) ang kanyang trono sa ibabaw ng tubig at inutusan niya ang kanyang mga alagad. Ang pinakamalapit sa kanya (bilang mga alagad niya) ay yaong laging nanunukso at nag-uudyok sa tao. Dahil dito, ang sinumang nakagawa ng higit na masama sa mga alagad ni Satanas ay nabibigyan ng parangal. Bawat alagad ni Satanas ay kailangang lumapit sa kanya upang mag-ulat kung ano ang kanyang ginawang kasamaan. Ito ang naging pahayag ni Satanas: ‘Wala kang ginawang anumang bagay!’ At ang isa naman sa kanyang alagad ang lumapit at nag-ulat: ‘Hindi ko iniwanan ang lalaking iyon hangga’t hindi ko sila napaghiwalay ng kanyang asawa’. Ilalapit ni Satanas sa kanya ang alagad na ito (na may karangalan at paggalang) at sasabihing: ‘Katotohanan. Ikaw ang (nararapat bigyan ng karangalan)’”. (Muslim)

3. **Mubaah** (Makatarungan): Makatarungang hiwalayan ang babae kung masama ang kanyang pag-uugali, bagama't dapat siyang maging mapagtimpi kung mayroong siyang anak sa kanya.
4. **Haram** (Ipinagbabawal); Kung hiniwalayan ng lalaki ang kanyang asawa sa panahon ng kanyang buwanang dalaw o sa panahon ng kanyang kalinisan, pagkaraang nakipagniig sa kanya²². Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi;

“O Propeta(ﷺ)! Kung kayo ay makikipagdiborsyo sa kababaihan, hiwalayan sila ng naaayon sa itinakdang panahon para sa kanila, at kalkulihin ang panahong (mabuti), at matakot sa Allah, ang inyong Rabb (Panginoon)...” (Qur'an 65:1)

Diniborsyo ni Ibn Umar (رضي الله عنه) ang kanyang asawa sa panahon ng kanyang pagrereгла, kaya tinanong ni Umar (رضي الله عنه) ang Sugo ng Allah(ﷻ) tungkol dito, at sinabi niya;

“Utusan mo (ang iyong anak na lalaki) na sunduin siyang muli at lingapin hanggang siya ay maging dalisay (sa kanyang pagrereгла) at pagkatapos ay dapat niyang hintayin muli ang kanyang susunod na panahon (ng pagrereгла) at maging malinis muli, pagkaraan noon, kung nais niyang ibalik ay maaari niyang kunin muli, at kung gusto niyang idiborsyo maaari niyang idiborsyo bago siya makipagniig dito; at ito ang Iddah (itinakdang panahon) na itinalaga ng Allah sa mga babaeng gustong hiwalayan.” (Bukhari)

²² Ipinagbabawal sa lalaki na idiborsyo niya ang kanyang asawa sa pagpapahayag niya ng tatlong beses sa isang pagtitipon. (AM)

Ang Khul'²³ (Pagtanggi)

Kung ang pagsasama ay hindi nabuo dahil sa pag-ibig, pagmamahalan at magandang samahan ng mag-asawa, ang buhay ay magiging magulo at walang kaginhawahan. Sa ganitong pagkakataon, ipinag-uutos sa Islam sa mag-asawa na maging mahinahon at matiisin. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

***"At pakisamahan sila ng marangal. Kung sila'y hindi ninyo kinalulugdan, maaaring hindi ninyo kinalulugdan ang isang bagay na sa pamamagitan nito'y magbibigay ang Allah ng isang masaganang kabutihan."* (Qura'n 4:19)**

Kung ang kalagayan ay hindi na mapagtiisan, at ang lalaki ay hindi na makapagbata sa kanyang asawa, maaari niya itong idiborsyo, at kung ang babae ay labis ng naaapi at hindi na rin matiis ang kanyang asawa, naaayon sa batas ng Islam at karapatan niya na humiling ng *Khul'* (dagliang paghihiwalay). Sa pagkakataong ito, kailangan niyang ibalik sa lalaki ang *Mahar* (dote) na kanyang kinuha upang wakasan ang kanilang pagsasama. Ito ay isang tanda ng ganap na katarungan sa Islam, ibinigay ng lalaki ang dote (dowry) sa kanyang asawa, at inako ang lahat ng gastusin sa kanilang kasal. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

"Hindi pinahihintulutan sa inyo (mga kalalakihan) na bawiin (mula sa inyong mga asawa) ang anumang Mahr na inyong ibinigay sa kanila, maliban lamang kung ang magkabilang panig ay nangangambang hindi nila matupad ang hangganang itinakda ng Allah. Kung nangangamba kayo na hindi nila mapananatili ang hangganang itinakda ng Allah, samakatuwid, kapwa sila

²³ Ang Khul' ay ang pagpapawalang-bisa ng kasal sa kahilingan ng babae; na tinatawag din bilang dagliang diborsyo. (AM)

walang kasalanan kung ibalik ng babae ang kanyang ang Mahar (o bahagi nito) sa kanyang asawa upang kanyang makamtan ang kanyang kalayaan. (sa pamamagitan ng Khul [dagliang paghihiwalay]).” (Qur’an 2:229)

Si Ibn Abbas ay nag-ulat na ang asawa ni Thabit b. Qais ay pumunta sa Propeta(ﷺ) at nagsabi; 'O Sugo ng Allah(ﷻ)! hindi ko sinisisi si Thabit dahil sa kanyang di-magandang pag-uugali o sa kanyang Deen, nguni't ako, bilang isang Muslim, hindi ko gusto ang kanyang inaasal o pag-uugali na parang hindi Muslim (kung ako ay makikisama pa sa kanya). Sa ganoong pagkakataon sinabi ng Propeta(ﷺ) sa kanya; 'Ibalalik mo ba sa kanya ang ibinigay na hardin sa iyo (bilang Mahr)? Sinabi niya; 'Oo! Kaya't sinabi ng Propeta(ﷺ) kay Thabit, 'O Thabit! Tanggapin mo ang iyong hardin at idiborsyo mo siya kaagad.” (Bukhari)

Ang layunin ng Islam ay mapangalagaan ang karangalan ng tao, at pamayanan sa lahat ng kasamaan. Kung ang isang babae ay mananatili sa isang lalaking hindi niya nais makasama o kaya ang isang lalaking ayaw makasama ang isang babaeng hindi niya ibig, ito ay maaaring magtulak sa bawat isa sa kanila upang gumawa ng bagay na ipinagbabawal, lalo na kung wala silang matibay na Islamikong kaalaman upang pangalagaan nila ang pag-iwas sa ipinagbawabal. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

"At kung sila ay maghiwalay, ipagkakaloob ng Allah ang kasaganaan sa bawa't isa sa kanila mula sa Kanyang Biyaya. At ang Allah ang Lubos na may Kasapatan sa pangangailangan ng Kanyang mga nilikha – ang Ganap na Matalino. ” (Qur’an 4:130)

Ang Bunga ng Malayang Ugnayang Sekswal

Mahigpit na ipinagbabawal sa Islam ang pangangalunya at ang anumang uri ng pakikiapid, at ito ay itinuturing na isang malaking kasalanan. Sa katunayan, ipinagbabawal sa Islam ang anumang bagay na maaaring maging ugat nito. **Si G. Sayyid Qutub** (رحمہ اللہ) ay nagsabi²⁴:

“Hangarin ng Islam na alisin sa tao ang lahat ng masasamang uri o katutubong asal hayop hinggil sa pagnanasang sekswal, na kung saan ay hindi nakikilala ang pagkakaiba ng bawat tao. Nilalayong makatulong ang Islam sa pagpapatayo ng pangmatagalang pamilya at hindi ang ugnayang naglalaho pagkaraan ng unang pakikipagniig. Layunin din ng Islam na makapagpanatili ng pagmamahalan sa pagitan ng dalawang kasarian bilang makataong damdamin at emosyon; na may ugnayan ang bawat puso ng mag-asawa, ang damdamin at ang kanilang katawan ay parang iisa lamang. Ang mag-asawa ay nagsasama ng may iisang prinsipiyo at inspirasyon; parehong itinataguyod ang kahirapan sa buhay at kapwa naghahangad ng kanilang kinabukasan. Sa ganitong kalagayan, ang bagong henerasyon ay maitatatag, sa ilalim ng pangangalaga ng kanilang mga Muslim na magulang sa tamang pamamaraan.

Kaugnay nito, ang Islam ay naglaan ng mabigat na parusa sa mga nangangalunya, at ito ay naglalarawan ng makahayop na pag-uugali, kung saan pinapawi nito ang mga kahulugan at layunin (nabanggit sa itaas) na nagpapabago sa isang tao upang maging isang hayop...hindi na niya mailarawan ang kaibahan ng babae sa iba, at ang isang babae ay hindi na mailarawan ang kaibahan sa pagitan ng lalaki sa iba. Ang lahat ng adhikain ng tao ay mapunan lamang ang kanyang pagnanasang sekswal.

²⁴ *Fee Dhilaal al-Qur'an* (In the Shade of the Qur'an)

Kahit paghambingin pa ang bawat isa, walang mabuting maidudulot mula sa ganitong relasyon, at hindi maaaring pagkatiwalaan o maging daan para sa ikabubuti ng kanyang (pamayanan); hindi maaaring magka-anak at hindi lalabas ang tunay na damdamin. Ang tunay na kaligayahan ay naghahatid ng pangmatagalan damdamin, at ito ang kaibahan sa pagitan ng pagnanasa, makamundong hangarin at ang tunay na damdamin. Maraming hindi nakakakita sa kaibahan ng dalawang bagay na ito at sila ay naguguluhan. Ang kalimitang inaakala ng nakararami sa ganitong emosyon ay isang damdaming makahayop! Hindi pinipigilan ng Islam ang isang tao sa pagpapakita ng kanyang natural na emosyon o kaya ay itinuring na isang mababang pag-uugali. Pinamamahalaan ng Islam ang pagnanasang sekswal at itinataas ang tao, ginagawang malinis at dalisay mula sa makahayop na asal. Ang pakikiapid at ang mga patutot ay itinuturing sa Islam na isang pinakamababang uri at masamang gawain sa lipunan na walang halaga, at ito ay higit na malayo mula sa anumang damdamin, emosyon at magandang pag-uugali at salat sa damdaming nagpapahalaga sa pakikipag-ugnayan. Itinuturing ng Islam ang mga patutot na isang pinakamaruming gawain sa pamayanan ng tao. Ang gawaing ito ay nagpapababa sa antas ng isang tao at maituturing na higit pa sa mababang hayop. Sa katunayan, may mga hayop na nabubuhay ng desente at maayos na pamumuhay, at malayo sa mga suliraning nagmumula sa mga gawaing pakikiapid na siyang dahilan ng kaguluhan sa ibang lipunan.”.

Kapaki-pakinabang na banggitin ang mga masasamang pangyayari na dulot ng kaguluhan ng dahil sa ipinagbabawal na pakikipagtalik sa isang pamayanan, at ang kasamaang ito ay ang mga sumusunod:

1. **Ang pagkalat ng epidemya at ng mga nakamamatay na sakit** na hindi lamang nakasasama sa iisang tao, bagkus, sa buong pamayanan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

“At iwasang mahulog sa bawal na pakikipagtalik²⁵. Katotohanang ito ay isang malaking kasalanan (‘Fahishah’) at isang masamang gawain (na magbubulid sa isang tao sa Impiyerno malibang siya ay patawarin ng Allah)”. (Qur’an 17:32)

Ang Propeta ng Allah(ﷺ) ay nagsabi:

“O Muhajireen, ako ay nagpapakupkop sa Allah na kayo ay makakasaksi o masusubukan ng limang bagay;

- ***Ang bawal na pakikipagtalik ay hindi madaling mapapansin ng mga tao, maliban sa mga sakit at karamdamang hindi pa nalalaman noon ay lumaganap (sa pamayanan).***
- ***Ang mga tao ay hindi mandaraya sa pagtimbang sa kanilang mga paninda, magkagayon, sila ay mapaparusahan ng tagtuyot at pagkagutom, maghihirap sa panustos o hanapbuhay at ang kanilang pinuno ay magiging malupit sa kanila.***
- ***Ang mga tao ay hindi dapat tumigil sa pagbabayad ng Zakah, magkagayon, ang ulan ay pipigilin din para sa kanila, na kung hindi lamang sa mga hayop sila ay hindi makakatanggap ng ulan.***

²⁵ Ang kahulugan ng bawal na pakikipagtalik sa salitang Arabik ay ‘Zina’. Ito ay nangangahulugan ng pakikipagtalik ng isang lalaki sa isang babae na hindi (legal) mag-asawa, at ito ay tumutukoy sa pakikiapid (fornication) at pangangalunya (adultery).

- *Ang mga tao ay hindi sisira ng kanilang pangako sa Allah at sa Sugo ng Allah(ﷻ), magkagayon ang kanilang mga kalaban ay mangingibabaw laban sa kanila, at maaaring makuha ulit ang mga nabawi nilang nakamkam noong una.*
- *Kung ang mga Pinuno ay hindi pasasakop sa Aklat ng Allah, ang kanilang lakas ay magugugol sa pakikipaglaban at pakikipag-away sa iba. (Haakim)*

Nawawala ang puri at karangalan ng isang tao sa paggawa ng kasamaan, at siya ay nagiging parang isang hayop na ang layunin ay matupad ang pagnanasa. Dahil dito, siya ay masasadlak sa kahirapan dahil sa malaking gastusin sa paghahanap at pagsasagawa ng ipinagbabawal na pakikipagtalik at hangaring nadarama. Dahil din dito ang isang tao ay tunay na magsisisi sa buhay na ito, at pananagutan din niya ito sa pagpaparusa sa kanya sa Impiyerno. Ang sinumang lumapit at gumawa ng ganitong kasamaan (pakikiapid at pangangalunya) ay nagiging maigsi ang buhay dahil sa mga sakit na nakukuha mula rito, na maaaring maging daan ng kanyang dagliang kamatayan.

2. **Mga Anak sa Pagkakasala;** ang mga batang anak sa labas ay nawawalan o inaalisan ng karapatan sa pagmamahal at pag-aaruga ng tunay niyang magulang. Ang kinasapitan ng mga batang ganito ay kulang sa patnubay at nawawala sa tamang direksiyon ng kanilang buhay. Walang ibang makapagbigay ng maayos, matapat at makahulugang patnubay sa mga bata kundi ang kanilang tunay na magulang. Samakatuwid, ang mga batang pinagkaitan ng ganitong kapalaran ay lumalaki at hindi mapigilan o masupil sa paggawa ng kasamaan at may galit sa karamihan sa lipunan.

Si Gng. Anna Freud, sa kanyang aklat na ‘Children without Families’, ay nagsabi na ang mga batang anak sa pagkakasala ay nagkakaroon ng suliranin sa isip na hindi madaling magagamot ng isang ‘Psychiatrist’ maliban sa dumanas ng labis na paghihirap.

3. **Karamdamang Sikolohiya;** ang bawal na pakikipagtalik ay nagdudulot ng maraming sakit at kaguluhang pangkaisipan. Ang mga taong laging gumagawa ng mga bagay na ito ay nagiging balisa, salat sa pangsariling kaligayahan at satsipaksyon, kawalan ng tiwala sa sarili, at takot. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

“At kabilang sa Kanyang mga Tanda ay ito; na nilikha Niya para sa inyo ang inyong mga asawa mula sa inyong mga sarili, upang inyong matagpuan ang katiwasayan sa kanila at Kanyang inilagay sa pagitan ninyo ang pag-ibig at awa. Katotohanan, naririto ang mga Tanda para sa mga taong nag-iisip.” (Qur’an 30:21)

4. **Sekswal na Magulumihan;** ay naghahatid ng moral na kaguluhan sa pamayanan. Katotohanang ang salapi ay madaling nakakaakit at nakakatukso sa mga tao upang gumawa ng masama. Dahil din sa salapi, maaaring makamtan ng tao ang lahat ng bagay na kanyang maibigan tungo sa kanyang walang hanggang kaligayahan. Kaya naman, kung ang isang gumawa ng ganitong mga kasamaan ay walang sapat na salapi upang matustusan ang kanyang pangangailangan, siya ay maaaring gumawa ng anumang uri ng kasamaan upang mapunan ang kanyang pangangailangan. Siya ay maaaring magnakaw, mandaya, manggulo, manggahasa, magsinungaling, manlinlang at manuhol upang makamtan ang kanilang pangangailangan. Hindi alintana kung saan at papaano siya kukuha ng

kanyang salaping gugugulin, maging ito man ay pag-aari ng iba

5. **Ang Parusa ng Allah**(ﷻ) ay ibinaba sa mga kumunidad kung saan ang pakikiapid at pangangalunya ay palasak. Ang Propeta ng Allah(ﷺ) ay nagsabi:

“Ang aking ‘Ummah’ (Nasyon) ay mananatiling maligaya at magiging mapalad hangga't walang isinisilang na batang bastardo sa kanilang pamayanan. Kung ito ay maganap, ang parusa ng Allah ay mangyayari.” (Ahmed & Sahee at-Tarhib wat-Tarhib)

Panghuling Pananalita

Inilathala namin sa aklat na ito ang pangunahing mga paksa kaugnay ng Islamikong pananaw tungkol sa 'sex'. Kami'y umaasang ang babasahing ito ay makatutulong sa inyo upang maunawaan ang kahalagahan nito sa buhay ng tao, at maging ang Islamikong pamamaraan upang mapangalagaan at maitaas ito, sapagka't ito ay may kaugnayan sa gawaing pagsamba, kung saan ang isang Muslim ay nakatatanggap ng biyaya. Karagdagan pa rito, kami'y umaasang sa pamamagitan ng aklat na ito ay higit na mauunawaan ang tungkol sa Islam na nagtataglay ng pamantayan sa lahat ng bagay kung saan ginagawa ng isang Muslim ang kanyang pribado at pampublikong pamumuhay. Kapag ang isang Muslim ay matapat na naghahangad ng biyaya ng Allah(ﷻ), ang kanyang mga pagpapala ay hindi magwawakas hanggang sa kanyang kamatayan; makatatanggap siya ng mga biyaya kahit siya ay patay na. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

“Kapag ang anak ni Adan ay namatay, ang kanyang mabubuting gawa ay hihinto maliban sa tatlong pinanggagalingan; patuloy na pagkakawanggawa, ang makabuluhang kaalaman (na naiwanan) o ang isang matuwid na anak na nananalangin sa Allah para sa kanya”. (Muslim)

Ang Propeta ng Allah(ﷻ) ay nagsabi:

“Sinuman ang mag-anyaya sa tao tungo sa tamang patnubay, siya ay makakatanggap ng gantimpalang katumbas ng biyaya ng taong kanyang nagabayan, na hindi nababawasan ang kanyang gantimpala para sa kanyang sarili. Sinuman ang mag-anyaya sa tao sa kasamaan, siya ay makakatanggap ng kaparusahan

mula rito at katumbas na kaparusahan ng sinumang sumunod sa kanyang kasamaan, habang ang kanilang mga kasalanan ay hindi magmamaliw." (Muslim)

Isang ebidensya na nagpapatunay na ang Islam ay mayroong batayan sa lahat ng bagay gaano man kaliit ito kung ituturing, na makikita sa Hadeeth ni Salman na nagsabi:

"Ang isang di-mananampalataya ay nagsabi sa amin, 'Nakita ko ang iyong kasamahan [Propeta ng Allah ﷺ] na nagtuturo sa inyo kung papaano pahupain o ibsan ang inyong mga sarili!' Si Salman ay nagsabi: 'Oo! Kanyang ipinagbabawal sa sinuman na gamitin ang kanyang kanang kamay upang dalisayin ang kanyang sarili, at kung kami ay haharap sa Qibla habang ginagawa ito. Kanya ring ipinagbabawal sa aming gumamit ng mga buto ng hayop upang linisin ang aming mga sarili. Kanya ring sinabi: 'Iwasan ninyo ang paglilinis ng inyong sarili ng kulang sa tatlong bato.'" (Muslim)

Si Dr. Hopkins na isang Propesor sa Pilosopiya (Philosophy) ng 'Harvard Univeristy', ay sumulat sa kanyang aklat na pinamagatang: *'The Spirit of International Policy'*:

"Ang kaunlaran at pagsulong ng mga Islamikong bansa ay hindi nakasalalay sa pagsunod sa pamamaraan ng taga-Kanluran, na nagsasabing ang relihiyon ay walang kaugnayan sa pang-araw-araw na pamumuhay ng isang tao, ng mga batas at sistemang politikal. Ang tao ay nararapat hanapin sa relihiyon ang pinagmumulan ng pag-unlad at pagsulong. Kung minsan, ang ilang tao ay nagtataka kung ang Islam ay may kakayahang magbigay ng mga bagong kaisipan at paksa (*independent rulings*) na tumutugon sa pangangailangan ng makabagong takbo ng

buhay. Ito ang kasagutan: ‘Oo. Ang Islam ay nakahandang umunlad o maaaring sabihin na ang Islam ay nakahihigit kaysa sa maraming sistema sa kakayahan nitong umunlad. Magkagayunman, ang kahirapan ay hindi dulot ng relihiyong Islam sanhi ng kakulangan sa pinagmumulan, bagkus ay sa kakulangan ng pagsunod at layuning sundin ang mga ito. Aking nararamdaman sa pamamagitan ng tamang pagpapasiya na ang Islam ay nagtataglay ng lahat ng pangangailangan tungo sa tagumpay.’

Sadyang isang dakilang *Deen* (pamamaraan ng buhay) ang Islam! Ito ay nagbibigay ng patnubay sa tao sa pamamagitan ng bawat kalakaran ng kanyang buhay, at inaayos nito ang lahat ng kanyang gawain! Isang *Deen* (relihiyon) ng may natatanging mga karakter na nararapat ibantayog at mahigpit na panghahawakan ng lahat ng mga Muslim. Sila ay nararapat na mag-anyaya sa tao para rito upang maging maligaya ang kanilang pamumuhay.

Ang mga di-Muslim ay malugod na inaanyayahan na pag-aralan ang dalisay na katuruan ng Islam. Nararapat na iparating sa kanila ang mga kahalagahan at magagandang aspetong nakapaloob dito. Ang Islam ay susi sa kabutihan at naglilinis sa pamayanan laban sa mga kasamaan. Nakapaloob dito ang lahat ng mga kasagutan sa mga suliraning kinakaharap sa kasalukuyan ng buong sangkatauhan. Ang problema ay maraming mga Muslim ang hindi isinasakatuparan at namumuhay sa mga katuruan nito sanhi ng katotohanang kanilang sinusunod ang kanilang sariling damdamin at pagnanasa, dulot na rin ng personal na kalamangan, kung saan ang layunin ay mapasakanya ang materyalistikong pamumuhay maging dahilan man ito ng pangloloko sa ibang tao.

Talasalitaan

1. **Aqeedah:** Paniniwala, Prinsipyo o Batayan ng Islam.
2. **Deen:** Ang Pamamaraan ng Buhay, ito man ay pansarili o pangkalahatan. Ito ay isang malawak na kataga na may kahulugang: 'Mga gawaing pagsamba, mga nakasanayang pampulitika at ganap na pamamaraang nauukol sa kagandahang-asal, kabilang na rito ang tamang kalinisan at wastong pag-uugali'
3. **Fitnah:** Mga pagsubok, kahirapan o parusa.
4. **Hadeeth:** Mga Salaysay na pinagkukuhanan ng mga salita at gawain ng Sugo(ﷺ).
5. **Hukum:** Kapasiyahan o Hatol.
6. **Iman:** Pananampalataya.
7. **Jannah:** Ang Pinagpalang Tahanan at Hardin sa Kabilang Buhay na ipagkakaloob sa mga mabubuting alipin ng Allah(ﷻ). Kung minsan ay pahapyaw na isinasalin sa tawag na 'Paraiso'.
8. **Kufr:** Kawalan ng Pananampalataya.
9. **Nafl:** Mga kusang-loob na gawain sa pagsamba.
10. **Rabb:** Ang Tagapaglikha, ang Tagapaghubog (Tagapag-anyo), ang Tagapanustos, ang Tanging Isa na inaasahan ng lahat ng mga nilikha upang patuloy na mabuhay, at Siya ang Tanging nagbibigay-buhay at nagdudulot ng kamatayan.
11. **Shaitan:** Satanas.
12. **Shari'ah:** Ang Batas ng Islam.
13. **Shirk:** Ang Pagbibigay katambal sa Allah(ﷻ) sa pagsamba sa Kanya.
14. **Sunnah:** Tumutukoy sa lahat ng tradisyon, gawain, kaugalian, kapasiyahan o hatol at mga aral ni Propeta Muhammad(ﷺ).
15. **Taqwah:** Ang mapitagang takot sa Allah (ﷻ).
16. **Ummah:** Ang Pamayanan


Paunawa mula sa mga Tagasalin ng Tagalog:

"Ang mga isinaling talata mula sa Banal na Qur'an at sa mga Hadith at Sunnah ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay mga pawang paliwanag ng mga tagasalin na inaakalang pinakamalapit sa pagpapakahulugan. Ang mga orihinal na Salita ng Allah (ﷻ) (ang Qur'an) at ang mga Hadith at Sunnah ng Propeta (ﷺ) ay makikita lamang sa mga orihinal na Arabik na pagkasulat."

Nawa'y tanggapin ng Dakilang Allah ang aming hamak na pagsisikap at patawarin kami sa aming pagkakamali." Ameen

الحمد لله رب العالمين

Lahat ng Papuri at pagsamba ay nauukol lamang sa Allah, ang Rabb (Panginoon) ng mga Daigdig at nawa'y purihin at itampok ng Allah ang pagbanggit sa Kanyang Propeta (ﷺ) at ang kanyang pamilya at iligtas siya mula sa anumang kasamaan.



ISLAM LAND

GROW GOODNESS BY YOUR HAND

EXPLORE ISLAM IN ALL LANGUAGES



WWW.ISLAMLAND.COM